# Pambuong-Estadong Espesyal na Halalan

## Martes, Nobyembre 4, 2025

Opisyal na Patnubay na Impormasyon para sa Botante

### Huwag nang Magpaantala, Bumoto na Ngayon!

**Ang maagang panahon ng pagboto sa pamamagitan ng mga balota sa koreo ay mula Oktubre 6 hanggang Nobyembre 4, 2025.**

**Bukas ang mga botohan mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Nobyembre 4, 2025, Araw ng Halalan!**

### MAPAGKAKATIWALAANG IMPORMASYON NG CALIFORNIA


Makakatanggap ang bawat rehistradong botante sa California ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Ang mga balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay ipapadala sa o bago ang Oktubre 6.

Maaaring markahan ang mga balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo at ibalik sa lalong madaling panahon na matatanggap ang mga ito.

Magbubukas sa Oktubre 7 ang mga drop box ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Magiging available ang mga opsyon sa pagboto nang-personal sa lahat ng county.



Magagamit sa Mobile
I-SCAN AKO

### Sertipiko ng Pagkawasto

Ako, Shirley N. Weber, Kalihim ng Estado ng Estado ng California, ay nagpapatunay na ang impormasyong nakasaad dito ay ihaharap sa mga botante ng Estado ng California sa Pambuong-Estadong Espesyal na Halalan na gaganapin sa buong Estado sa Nobyembre 4, 2025, at na ang patnubay na ito ay wastong inihanda alinsunod sa batas. Saksi ang aking lagda at ang Dakilang Selyo ng Estado sa Sacramento, California, sa ika-17 araw ng Setyembre, 2025.

**Shirley N. Weber, Ph.D.**
**Kalihim ng Estado**

BATAS SA

# MGA KARAPATAN

NG BOTANTE

## IKAW AY MAY MGA SUMUSUNOD NA KARAPATAN:

1. **Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante.** Ikaw ay karapat-dapat bumoto kung ikaw ay:
   - isang mamamayan ng U.S. na naninirahan sa California
   - hindi kukulangin sa 18 taong gulang
   - nakarehistro kung saan ka kasalukuyang naninirahan
   - hindi kasalukuyang gumugugol ng panahon sa piitan ng estado o pederal dahil sa pagkakahatol sa isang krimen, at
   - hindi kasalukuyang ipinasiya ng isang hukuman bilang walang kakayahan ang isipan para bumoto

2. **Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante kahit na ang iyong pangalan ay wala sa listahan.** Ikaw ay boboto gamit ang isang pansamantalang balota. Ang iyong boto ay ibibilang kung ang mga opisyal sa mga halalan ay nagpasiya na ikaw ay karapat-dapat bumoto.

3. **Karapatang bumoto kung ikaw ay nakapila pa nang magsasara ang mga lugar ng botohan.**

4. **Karapatang magpatala ng isang lihim na balota** nang walang gumagambala sa iyo o nagsasabi sa iyo kung sino o ano ang iboboto.

5. **Karapatang kumuha ng bagong balota kung nagkamali ka,** kung hindi mo pa naipapatala ang iyong balota. Magagawa mong:

   **Humingi sa opisyal sa mga halalan sa isang lugar ng botohan** ng isang bagong balota.
   **Palitan ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo** ng isang bagong balota sa isang opisina sa mga halalan, o sa iyong lugar ng botohan, o
   **Bumoto gamit ang isang pansamantalang balota.**

6. **Karapatang humingi ng tulong sa pagpapatala ng iyong balota** mula sa sinumang pinili mo, maliban sa iyong tagapag=empleyo o kinatawan ng unyon.

7. **Karapatang ihulog ang iyong kinumpletong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa alinmang lugar ng botohan** sa California.

8. **Karapatang kumuha ng mga materyal sa halalan sa isang wikang iba sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa iyong presinto ng pagboto na nagsasalita sa wikang iyon.

9. **Karapatang magtanong sa mga opisyal sa halalan tungkol sa mga pamamaraan ng paghalal** at masdan ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng taong tinanong mo ang iyong mga katanungan, dapat silang magpadala sa iyo ng tamang tao para sa sagot. Kung ikaw ay nakakaabala, maaari silang tumigil sa pagsagot sa iyo.

10. **Karapatang iulat ang anumang labag sa batas o madayang gawain sa halalan** sa isang opisyal sa mga halalan o sa opisina ng Kalihim ng Estado.

    Sa web sa **www.sos.ca.gov**
    Sa pamamagitan ng telepono sa **(800) 339-2957**
    Sa pamamagitan ng email sa **elections@sos.ca.gov**

**KUNG NANINIWALA KA NA PINAGKAITAN KA NG ALINMAN SA MGA KARAPATANG ITO,** TAWAGAN ANG KOMPIDENSIYAL NA NAKAHANDANG LINYA SA BOTANTE NG KALIHIM NG ESTADO SA (800) 339-2957.

# TALAAN NG MGA NILALAMAN

PAHINA

**MAIKLING SANGGUNIANG GABAY** 5

**PROPOSISYON**

**50** Pinahihintulutan ang mga Pansamantalang Pagbabago sa mga Mapa ng Kongresyonal na Distrito Bilang Tugon sa Partidistang Muling Pagdidistrito ng Texas. Amyendang Konstitusyonal ng Lehislatura. .................................... 8

**TEKSTO NG IMINUMUNGKAHING BATAS** 18

**IMPORMASYON PARA SA BOTANTE**

Batas sa mga Karapatan ng Botante. ........................ 2
Mga Pangunahing Tagaambag .............................. 3
Website ng mga Mapagkukunan ng Kalihim ng Estado ..... 3
Mensahe mula sa Kalihim ng Estado ....................... 4
Impormasyon tungkol sa Araw ng Halalan .................. 5
Hanapin ang Iyong Lugar ng Botohan ...................... 5
Mga Resulta ng Halalan ....................................... 5
Mas Maraming Araw, Mas Maraming Paraan para Bumoto Gamit ang VCA ....................................... 6
Huwag nang Magpaantala, Bumoto na Ngayon! ........... 7
Subaybayan ang Iyong Balota ............................... 7
Mga Tip para sa mga Botanteng Militar at Nasa Ibang Bansa ................................................ 19
Paunawa sa Electioneering ................................. 20
Paunawa sa Korapsyon ng Proseso ng Pagboto ........... 21
Mga Pinagkakatiwalaang Pinagmumulan ng Impormasyon ................................................ 22
Mga Panseguridad na Pag-iingat sa Halalan .............. 22
Pagkakakilanlan ng Botante sa California at Mga Kinakailangan sa Pagpaparehistro ...................... 23
Ibinalik na ang mga Karapatan sa Pagboto ................ 24
Maglingkod Bilang Manggagawa sa Botohan ............. 24
Bago ka lang sa Pagboto? .................................... 25
Ang California Motor Voter .................................. 26
Impormasyon sa Pagkapribado ng Pagpaparehistro ng Botante ................................................... 26
Tulong para sa mga Botanteng may Kapansanan ......... 27
Mga Opisina ng mga Halalan sa County .................. 28
Tingnan ang Iyong Status ng Pagiging Botante Online .... 29
Probisyonal na Pagboto ..................................... 29
Paano Itama ang Nawawala o Hindi Tugmang Pirma sa Sobre ng Pagbalik ng Balota .................. 30
Mga Petsang Dapat Tandaan ................................ 31

## Pinakamalalaking Nag-ambag sa mga Kandidato ng Estado at mga Panukalang Balota

Kapag nakalikom ang isang komite (isang tao o grupo ng mga tao na nakakatanggap o gumagasta ng pera nang may layuning maimpluwensyahan ang mga botante na suportahan o tutulan ang mga kandidato o panukalang balota) ng hindi bababa sa $1 milyon, dapat iulat nito ang 10 nangungunang tagaambag nito sa Komisyon sa Patas na mga Kagawian sa Pulitika (Fair Political Practices Commission, FPPC) ng California. Dapat i-update ng komite ang listahan kapag may anumang pagbabago.

Ang mga listahang ito ay makikita sa website ng FPPC sa:
*fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html*

Para magsaliksik ng mga ambag sa kampanya para sa mga kandidato o panukalang balota, bisitahin ang website ng Kalihim ng Estado sa *powersearch.sos.ca.gov*.

## Bisitahin ang Website ng Kalihim ng Estado upang:

- Magsaliksik ng mga kontribusyon sa kampanya at aktibidad ng lobbying sa *cal-access.sos.ca.gov* O *powersearch.sos.ca.gov*
- Tingnan ang gabay ng botante na ito sa ibang mga wika *voterguide.sos.ca.gov*
- Suriin ang iyong status ng pagpaparehistro at impormasyon sa pagpaparehistro *voterstatus.sos.ca.gov*
- Hanapin ang iyong lugar ng botohan o isang sentro ng pagboto sa Araw ng Halalan *sos.ca.gov/elections/polling-place* O *voterstatus.sos.ca.gov*
- Kunin ang impormasyon tuungkol sa balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo *sos.ca.gov/elections/voter-registration/vote-mail*
- Magbasa na kapaki-pakinabang na impormasyon para sa mga baguhang botante *sos.ca.gov/elections/voting-resources/voting-california*
- Panoorin ang live na mga resulta ng halalan pagkatapos magsara ang mga botohan sa Araw ng Halalan *electionresults.sos.ca.gov*

# Mensahe mula sa Kalihim ng Estado

Minamahal na Botante ng California,

Mahalaga ang iyong pakikilahok sa bawat halalan upang masigurong patuloy na umuunlad ang demokrasya. Bilang isang Botante sa California, magkakaroon ka ng pagkakataong bumoto sa nalalapit na **Pambuong-Estadong Espesyal na Halalan** sa Nobyembre 4, 2025. Hihilingin sa iyo ng halalang ito na **aprubahan o tanggihan** ang isang panukalang balota o proposisyon.

Maraming paraan para makilahok habang patuloy na pinangangalagaan at pinalalawak ng California ang iyong karapatang bumoto. Isinusulong namin ang pangkalahatang paggamit ng mga balota sa koreo, iba't ibang opsyon sa personal na pagboto, kaparehong-araw na pagpaparehistro ng botante, at probisyonal na pagboto, lahat ay idinisenyo upang gawing accessible at ligtas ang pagboto.

Itong Patnubay na Impormasyon sa Botante ay ginawa upang tulungan kang makagawa ng matalinong desisyon tungkol sa Proposisyon 50. Sa loob nito, makikita mo ang mahahalagang detalye kung kailan, saan, at paano ihulog ang iyong balota, pati na rin ang isang patas na buod at pagsusuri ng panukala. Ipinapakita ng gabay ang mga opisyal na argumento na panig at laban sa Proposisyon 50, kasama ang mga tugon, upang mapag-isipan mo ang iba't ibang pananaw bago gumawa ng desisyon.

**Ang Iyong Gabay ay Naglalaman ng:**

- Isang neutral na buod ng Proposisyon 50, na may mga argumentong panig at laban, kabilang ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa mga tagasuporta at tutol dito. (PAHINA 5)

- Malinaw na mga tagubilin kung paano bumoto—sa pamamagitan ng koreo, nang personal, o gamit ang ligtas na drop box. Dagdag na paalala na lagdaan at selyuhan ang iyong balota. (PAHINA 7)

- Impormasyon tungkol sa mga alerto ng **Nasaan ang Aking Balota** sa *WheresMyBallot.sos.ca.gov*.

- Mga detalye sa pinalawig na mga araw ng pagboto at mga sentro ng pagboto sa mga county sa ilalim ng Batas sa Pagpipilian ng Botante, kung saan maaari kang magparehistro at Bumoto sa parehong araw. (PAHINA 6)

Ang pakikilahok sa mga halalan ay mahalaga upang magkaroon ng tinig sa mga desisyong nakaaapekto sa ating buhay at sa pagpapatakbo ng ating komunidad. Hinihikayat kitang maglaan ng oras upang pag-aralan ang isyu at ang magiging epekto ng halalang ito, at pagkatapos ay gawin ang iyong desisyon. Ang Pagboto ay nangangahulugang maririnig ang iyong tinig at mayroon kang boses sa hinaharap.

Salamat sa pagpapanatiling matatag ang ating demokrasya!

# MAIKLING SANGGUNIANG GABAY

## PROPOSISYON 50 — PINAHIHINTULUTAN ANG MGA PANSAMANTALANG PAGBABAGO SA MGA MAPA NG KONGRESYONAL NA DISTRITO BILANG TUGON SA PARTIDISTANG MULING PAGDIDISTRITO NG TEXAS. AMYENDANG KONSTITUSYONAL NG LEHISLATURA.

### BUOD

*Inilagay sa Balota ng Lehislatura*

Nangangailangan ng pansamantalang paggamit ng mga bagong mapa ng kongresyonal na distrito hanggang taong 2030. Iniuutos sa independiyenteng Citizens Redistricting Commission na muling ipatupad ang paggawa ng mga mapa ng kongresyonal na distrito sa taong 2031. Nagpapatibay ng patakaran na sumusuporta sa mga hindi partidistang komisyon sa muling pagdidistrito sa buong bansa. **Epekto sa Pananalapi:** Isang beses na gastos para sa mga county na maaaring umabot ng ilang milyong dolyar sa buong estado upang i-update ang mga materyales para sa halalan upang ipakita ang mga bagong mapa ng kongresyonal na distrito.

### ANG IBIG SABIHIN NG IYONG BOTO

**OO** Ang pagboto ng OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Gagamitin ng estado ang mga bagong mapa ng congressional district na iginuhit ng lehislatura simula 2026. Ang mga bagong mapa ng California ay gagamitin hanggang sa makabuo ng panibagong mga mapa ang Komisyon ng mga Mamamayan para sa Muling Pagbalangkas ng mga Distrito ng California kasunod ng 2030 U.S. Census.

**HINDI** Ang pagboto ng HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Patuloy na gagamitin sa California ang kasalukuyang mga mapa ng congressional district na iginuhit ng Komisyon ng mga Mamamayan ng para sa Muling Pagbalangkas ng mga Distrito ng California hanggang sa makabuo ito ng mga bagong mapa kasunod ng 2030 U.S. Census.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Proposisyon 50—Batas Laban sa Pandaraya sa Halalan—ay nagpapatibay sa pansamantalang, pang-emerhensiyang mga mapa ng congressional district upang kontrahin ang plano ni Donald Trump na manipulahin ang halalan sa kongreso sa susunod na taon, at muling pinagtitibay ang pangako ng California sa malaya at walang partidong muling pagbalangkas ng mga distrito pagkatapos ng susunod na census. Bumoto ng Oo sa 50 para sa demokrasya sa lahat ng 50 estado. Alamin pa sa *StopElectionRigging.com*.

**KONTRA** Ang Proposisyon 50 ay isinulat ng mga politiko para sa kapwa politiko—binubuwag ang mga pananggalang na nagpapanatili ng patas na mga halalan, inaalis ang mga rekisito upang panatilihing buo ang mga lokal na komunidad, at tinatanggal ang mga proteksyon ng botante laban sa mga mapang-abusong mapa na idinisenyong pabor sa mga partidong politikal. Bumoto ng HINDI upang ipagtanggol ang patas na halalan at panatilihin ang mga mamamayan—hindi ang mga politiko—ang may kontrol sa muling pagbabalangkas ng mga distrito.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**

Gobernador Gavin Newsom
Oo sa 50, Batas Laban sa Pandaraya sa Halalan, Komite sa Panukalang Balota ni Gobernador Newsom
555 Capitol Mall, Suite 400
Sacramento, CA 95814
info@stopelectionrigging.com
StopElectionRigging.com

**LABAN**

Hindi sa Proposisyon 50 — Unahin ang mga Botante, Itinataguyod ng Panagutin ang mga Pulitiko
2350 Kerner Blvd., Suite 250
San Rafael, CA 94901
(916) 446-6572
info@votersfirstact.org
VotersFirstAct.org


## Impormasyon tungkol sa Araw ng Halalan

Bukas ang mga lokasyon ng botohan mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Martes, Nobyembre 4, 2025. Kung nakapila ka pa rin bago mag 8:00 p.m., maaari ka pa ring bumoto.

## Hanapin ang Iyong Lugar na Botohan o Sentro ng Pagboto

Ang mga lugar ng botohan at sentro ng pagboto ay itinatatag ng mga opisyal ng mga halalan sa county. Alamin ang address ng iyong lugar ng botohan o mga lokasyon ng sentro ng pagboto sa Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng county na natanggap mo sa koreo ilang linggo bago ang Araw ng Halalan.

Maaari ka ring bumisita sa website ng Kalihim ng Estado sa *vote.ca.gov* o tumawag sa aming libreng Linya ng Botante sa (800) 339-2957.




Ang mga resulta ng halalan para sa Nobyembre 4, 2025, Pambuong-Estadong Espesyal na Halalan ay makikita pagkatapos magsara ang mga botohan sa ganap na 8:00 p.m. sa website ng Kalihim ng Estado ng California para sa mga Resulta ng Halalan sa *electionresults.sos.ca.gov*.

Magsisimulang ilathala ang mga resulta sa ganap na 8:00 p.m. at ito'y ia-update sa buong gabi ng halalan. Sa mga susunod na araw pagkatapos nito, ia-update ang mga resulta tuwing 5:00 p.m. kada araw sa buong canvass habang binibilang ng mga county ang mga natitirang balota.

Ang opisyal at sertipikadong resulta ng halalan ay ilalathala bago lumampas ang Disyembre 12, 2025 sa *sos.ca.gov/elections*.

# Mas Maraming Araw, Mas Maraming Paraan para Bumoto
## sa pamamagitan ng Batas sa Pagpili ng Botante ng California




### Bumoto sa personal nang maaga hanggang 10 araw bago ang Araw ng Halalan

- Alameda
- Amador
- Butte
- Calaveras
- El Dorado
- Fresno
- Humboldt
- Kings
- Los Angeles
- Madera
- Marin
- Mariposa
- Merced
- Napa
- Nevada
- Orange
- Placer
- Riverside
- Sacramento
- San Benito
- San Diego
- San Mateo
- Santa Clara
- Santa Cruz
- Sonoma
- Stanislaus
- Tuolumne
- Ventura
- Yolo

**Sa California, awtomatikong makakatanggap ang bawat aktibong rehistradong botante ng balota sa koreo bago ang bawat halalan.** Tingnan ang status ng iyong rehistrasyon sa pagiging botante para matiyak na makakatanggap ka ng iyong balota.

### Gumamit ng drop box:

Ibalik ang iyong balota sa isang ligtas na lokasyon ng drop off sa anumang county **hanggang 28 araw bago ang halalan**

### Sentro ng pagboto:

- Bumoto sa personal saanman sa county **hanggang 10 araw bago ang halalan**
- Magparehistro upang bumoto at bumoto sa parehong araw
- Ihulog ang iyong balota

### Bumoto sa pamamagitan ng koreo:

Ibalik ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo **pagkatanggap mo nito**

**Pumunta sa RegisterToVote.ca.gov o tawagan ang (800) 339-2957 para matuto pa.**

CALIFORNIA
VOTER'S CHOICE ACT
VCA.SOS.CA.GOV

Gusto mo bang hindi na pumila at bumoto nang maaga? **I-scan ang QR Code para matuto pa!**

# Huwag nang Magpaantala, Bumoto na Ngayon!

Lahat ng botante sa California ay padadalhan ng balota sa koreo kasama ang sobre ng pagbabalik na may bayad na selyo para sa Pambuong-Estadong Espesyal na Halalan sa Nobyembre 4, 2025. Magsisimulang magpadala ang mga opisyal ng halalan sa county ng mga balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo nang hindi lalampas sa Oktubre 6, 2025.

Magsisimula ang panahon ng pagboto gamit ang balota sa koreo kapag nasa koreo na ang mga balota. Iparinig ang iyong boses nang maaga! Isauli ang iyong balota sa koreo sa panahon ng pagboto mula Oktubre 6 hanggang sa pagsasara ng mga botohan sa Nobyembre 4.

## MADALI ang Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo.

Umaasa sa iyo ang demokrasya! Sundin ang limang madadaling hakbang na ito upang magamit ang iyong karapatan sa pagboto:

**Kumpletuhin ito.**

Markahan ang iyong mga pagpili sa iyong balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.

**Isara ito.**

Ilagay ang iyong balota sa loob ng ibabalik na sobre balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo na natanggap mo mula sa opisina ng mga halalan ng iyong county.

**Pirmahan ito.**

Lagdaan ang labas ng iyong sobre ng pagbabalik ng balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Tiyaking tugma ang iyong lagda sa nasa iyong lisensya sa pagmamaneho/state ID sa CA, o sa ibinigay mo noong nagparehistro ka upang makaboto. Paghahambingin ng opisina ng mga halalan ng iyong county ang mga ito bago nila ibilang ang iyong balota.

**Ibalik ito.**


Sa pamamagitan ng drop box—Ihulog ang iyong nakumpletong balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa isang ligtas na opisyal na drop box sa iyong county anumang oras sa pagitan ng Oktubre 7 hanggang sa pagsasara ng mga botohan sa Nobyembre 4.

Nang personal—Ihulog ang iyong nakumpletong balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa isang ligtas na drop box, lugar ng botohan, sentro ng pagboto, o opisina sa mga halalan ng county bago lumampas ang 8:00 p.m. sa Nobyembre 4. Ang mga lokasyon ng pagboto ay magiging available sa lahat ng mga county bago ang Araw ng Halalan. Ang mga lokasyon sa pagboto ay nag-aalok ng pagpaparehistro ng botante, mga kapalit na balota, mga naa-access na makina sa pagboto, at tulong sa wika.

Sa pamamagitan ng koreo—Ibalik ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo sa sandaling matanggap mo ito. Tiyakin na ang sobre ng pagbabalik ng iyong balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo ay may tatak ng koreo na hindi lalampas sa Nobyembre 4.

**Subaybayan ito.**

Mag-sign up sa *wheresmyballot.sos.ca.gov* para makatanggap ng mga update sa status ng iyong balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa pamamagitan ng mensahe sa text (SMS), email, o voice call.




Lahat ng botante ay maaaring makatanggap ng mahahalagang update tungkol sa kanilang balota sa pamamagitan ng opisyal na kasangkapan ng California na "Where's My Ballot?" para sa pagsubaybay ng balota. **Wala pang tatlong minuto ang pag-sign up!**

***Ano ang susubaybayan mo:***




Maaari mong piliing makatanggap ng mga notipikasyon tungkol sa status ng iyong balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa pamamagitan ng text (SMS), email, o voice call, kabilang na ang mga alert kung may anumang isyu sa iyong balota at mga tagubilin sa kung paano iwawasto ang mga ito upang matiyak na mabibilang ang iyong boto.

Huwag palampasin ang pagkakataong masubaybayan ang iyong balota sa bawat hakbang!

Maaari mo ring kopyahin ang URL na ito sa iyong browser: ***wheresmyballot.sos.ca.gov***

# PROPOSISYON 50 PINAHIHINTULUTAN ANG MGA PANSAMANTALANG PAGBABAGO SA MGA MAPA NG KONGRESYONAL NA DISTRITO BILANG TUGON SA PARTIDISTANG MULING PAGDIDISTRITO NG TEXAS. AMYENDANG KONSTITUSYONAL NG LEHISLATURA.

## OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD

NA INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

**Ang teksto ng panukalang ito ay matatagpuan sa pahina 18 at sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterguide.sos.ca.gov.***

- Bilang tugon sa partidistang kongresyonal na muling pagdidistrito sa Texas sa kalagitnaan ng dekada, pansamantalang iniaatas ng panukalang ito ang paggamit ng mga bagong mapa ng kongresyonal na distrito na ipinasa ng Lehislatura noong Agosto 2025, na gagamitin sa mga kongresyonal na halalan ng California hanggang taong 2030.
- Pinananatili ang independiyenteng Citizens Redistricting Commission ng California at iniuutos sa Komisyon na muling ipatupad ang paggawa ng mga mapa ng kongresyonal na distrito sa taong 2031 pagkatapos ng senso ng 2030 at tuwing ikasampung taon pagkatapos nito.
- Nagpapatibay ng patakaran ng estado na sumusuporta sa paggamit ng makatarungan, independiyente, at hindi partidistang mga komisyon sa muling pagdidistrito sa buong bansa.

**BUOD NG TANTIYA NG LEHISLATIBONG MANUNURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:**

- Isang beses na gastos para sa mga county na maaaring umabot ng ilang milyong dolyar sa buong estado. Ang mga gastos ng county ay para sa pag-update ng mga materyales sa halalan upang ipakita ang mga bagong mapa ng kongresyonal na distrito.

PINAL NA MGA BOTO NG LEHISLATURA SA ACA 8 (PROPOSISYON 50)
(RESOLUSYON KABANATA 156, MGA BATAS NG 2025)

| | | |
|---|---|---|
| Senado: | Mga Oo 30 | Mga Hindi 8 |
| Asembleya: | Mga Oo 57 | Mga Hindi 20 |

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

# PINAGMULAN

### KONGRESO NG U.S

***Kongreso ng U.S.*** Ang Kongreso ng U.S. ay bahagi ng pambansang pamahalaan na gumagawa ng mga batas. May dalawang bahagi ang Kongreso: ang Senado ng U.S. at ang Kapulungan ng mga Kinatawan ng U.S. (Kapulungan). Bawat isa sa 50 estado ay kinakatawan ng 2 senador, kaya may kabuuang 100 senador. Ang Kapulungan ay may 435 miyembro. Ang bilang ng mga kinatawan sa Kapulungan para sa bawat estado ay nakadepende sa dami ng tao na naninirahan sa estadong iyon. Bawat miyembro sa Kapulungan ay kumakatawan sa isang bahagi ng estado na tinatawag na kongresyunal na distrito. Sa kasalukuyan, may 52 kongresyunal na distrito ang California. Ang mga botante na nakatira sa bawat kongresyunal na distrito ay bumoboto ng isang miyembro ng Kapulungan tuwing dalawang taon upang sila'y katawanin. Ang susunod na halalan para sa lahat ng 435 na kinatawan ay gaganapin sa 2026.

***Binibilang ng U.S. Census ang Populasyon ng mga Estado Bawat Sampung Taon.*** Nagbabago ang bilang ng mga taong naninirahan sa isang lugar sa paglipas ng panahon. Bawat sampung taon, binibilang ng U.S. Senso ang bilang ng mga taong naninirahan sa U.S. Ang huling census ay noong 2020, at ang susunod na census ay sa 2030. Ginagamit ang bilang na ito upang tukuyin kung gaano karaming tao ang nakatira sa bawat estado at kung ilang kinatawan sa Kapulungan ang matatanggap ng bawat estado para sa susunod na sampung taon.

### MULING PAGBALANGKAS NG MGA DISTRITO SA KONGRESO

***Bawat Estado ay Gumuguhit ng mga Mapa ng Kongresyunal na Distrito Pagkatapos ng U.S. Census.*** Bawat sampung taon, matapos maisagawa ang U.S. Census, gumuguhit ang mga estado ng mga bagong mapa ng kongresyunal na distrito upang ipakita ang bilang ng kanilang mga kinatawan sa Kapulungan at kung saan naninirahan ang mga tao. Ang prosesong ito ay tinatawag na "muling pagbalangkas ng mga distrito." Bawat estado ang nagpapasya kung anong proseso ang gagamitin upang iguhit ang kanilang bagong mga mapa ng distrito. Sa pagguhit ng mga bagong mapa, kailangang sundin ng bawat estado ang mga pederal na batas. Halimbawa, ang bawat kongresyunal na distrito sa isang estado ay dapat kumatawan sa halos parehong bilang ng mga tao.

***Kadalasang Hindi Nagbabago ng Mga Distrito ang mga Estado Nang Mas Maaga sa Bawat Sampung Taon.*** Kadalasang gumuguhit lamang ng bagong mga mapa ng kongresyunal na distrito ang mga estado tuwing sampung taon, maliban na lang kung utusan ng hukuman na baguhin ito upang sumunod sa batas. Gayunman, noong Agosto 2025, ipinasa ng Lehislatura ng Texas ang isang panukalang batas upang magpatibay ng mga bagong mapa para sa halalan ng 2026 kahit walang utos ng hukuman. Ilang iba pang estado rin ang nagpaplanong baguhin ang kanilang mga mapa bago ang halalan ng 2026.

***Muling Pagbabalangkas ng mga Distrito sa Kongreso sa California.*** Sa karamihan ng mga estado, ang mga lehislatura ng estado ang gumuguhit ng mga mapa ng kongresyunal na distrito, ngunit may ilang estado na gumagamit ng mga komisyon para sa gawaing ito. Bago ang 2010, ang Lehislatura ng California ang gumuguhit ng mga mapa ng kongresyunal na distrito ng estado. Noong 2010, ipinagkatiwala ng mga botante ng California ang gawaing ito sa isang independiyenteng komisyon na kilala bilang Komisyon ng mga Mamamayan para sa Muling Pagbalangkas ng mga Distrito ng California (Komisyon). Binubuo ang Komisyon ng 14 na miyembro: 5 miyembrong Demokratiko, 5 mula sa Partidong Republikano, at 4 na miyembrong hindi rehistrado sa alinman sa dalawang partidong politikal. Kapag gumuguhit ng bagong mga mapa ng kongresyunal na distrito ang Komisyon, kailangan nitong sumunod sa mga batas ng pederal at estado. Halimbawa, inaatasan ng batas ng estado ang Komisyon, bukod sa iba pa, na hangga't maaari ay iwasang hatiin ang mga kapitbahayan o lokal na komunidad na may magkakaparehong interes. Ipinagbabawal din ng batas ng estado sa Komisyon na isaalang-alang ang mga partidong politikal, kasalukuyang mga opisyal, o mga tumatakbo sa posisyon kapag gumuguhit ito ng mga mapa.

***Kasalukuyang mga Kongresyunal na Distrito ng California***. Ang Komisyon ang gumuhit ng kasalukuyang mga mapa para sa 52 kongresyunal na distrito ng California. Ang mga mapang ito ay batay sa U.S. Census ng 2020 at ginagamit simula noong halalan ng kongreso noong 2022.

# MUNGKAHI

## MGA MAPA NG KONGRESYUNAL NA DISTRITO NG CALIFORNIA

***Gamitin ang Mga Mapa ng Kongresyunal na Distrito na Guhit ng Lehislatura Hanggang Matapos ang Susunod na Census.*** Pinalitan ng Proposisyon 50 ang kasalukuyang mga mapa ng kongresyunal na distrito ng California ng mga bagong mapang iginuhit ng lehislatura. (Ang kabuuang bilang ng mga distrito ay hindi magbabago.) Kailangang sumunod ang mga mapa ng Proposisyon 50 sa batas pederal, ngunit hindi kinakailangang sundin ang mga rekisito ng estado na ipinataw sa Komisyon. Gagamitin ng estado ang mga mapa ng Proposisyon 50 para sa mga halalan sa kongreso simula 2026. Gagamitin ng estado ang mga mapang ito hanggang sa gumuhit muli ng bagong mapa ng mga distrito ang Komisyon, kasunod ng U.S. Senso sa 2030.

## PAMBANSANG MULING PAGBABALANGKAS NG MGA DISTRITO SA KONGRESO

***Panawagan para sa Pagbabago ng Batas Pederal.*** *Hiniling ng* Proposisyon 50 sa Kongreso ng U.S. na baguhin ang batas pederal at magmungkahi ng amyenda sa Konstitusyon ng U.S. upang i-require na ang redistricting ay isagawa ng mga "makatarungan, malaya, at walang partidong komisyon sa buong bansa." Ipinapahayag ng Proposisyon 50 ang suporta ng mga botante sa ideyang ito, ngunit hindi nito binabago ang batas pederal o inaatasan ang Kongreso o Lehislatura ng California na gumawa ng partikular na aksyon.

# MGA EPEKTO SA PANANALAPI

***Maliit at Isahang Gastos para sa mga Opisyal ng Halalan ng County at Estado.*** Ang mga county ang nagpapatakbo ng mga halalan, at ang estado ang nangangasiwa. Dahil karamihan sa mga kongresyunal na distrito ng California ay babaguhin kahit papaano sa ilalim ng mga bagong mapa, kailangang i-update ng mga opisyal ng halalan sa mga county at sa estado ang mga materyales ng halalan. Magreresulta ito sa isahang gastos sa mga county na **aabot sa ilang milyong dolyar** sa buong estado, at isahang gastos para sa estado na humigit-**kumulang $200,000**. Ang halagang ito para sa estado ay mas mababa sa isang ikasampung porsyento (0.1 porsyento) ng humigit-kumulang $220 bilyong budget ng Pangkalahatang Pondo ng estado. (Ang Pangkalahatang Pondo ay ang account na ginagamit ng estado upang bayaran ang karamihan sa mga pampublikong serbisyo, kabilang ang edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, at mga bilangguan.)

# KASALUKUYANG MGA MAPA AT IPINAPANUKALANG MGA MAPA NG KONGRESYUNAL NA DISTRITO

Ipinapakita ng seksyong ito ang mga mapa ng kasalukuyan at ipinanukalang mga kongresyunal na distrito: (1) sa buong estado, gaya ng ipinapakita sa mga Pigura 1 at 2; (2) sa hilagang bahagi ng estado, gaya ng ipinapakita sa mga Pigura 3 at 4; at (3) sa timog na bahagi ng estado, gaya ng ipinapakita sa mga Pigura 5 at 6. Ang paglalarawan ng mga census block na kinakatawan ng bawat distrito sa mga ipinanukalang mapa ay matatagpuan sa sumusunod na website: *https://leginfo.legislature.ca.gov/faces/billNavClient.xhtml?bill_id=202520260AB604*

**Bisitahin ang *sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2025-ballot-measure-contribution-totals* para sa listahan ng mga komiteng pangunahing itinatag upang suportahan o tutulan ang panukalang ito.**

**Bisitahin ang *fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html* upang makita ang 10 pinakamalalaking tagapag-ambag sa komite.**

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULOY

Pigura 1

### Kasalukuyang mga Kongresyunal na Distrito




Tala: Tingnan ang mga mapa ng kongresyunal na distrito sa hilaga at timog para sa mga numero ng distrito sa Bay Area at rehiyon ng Los Angeles. Ang mapa ay batay sa datos na nai-post sa website ng Komisyon ng mga Mamamayan para sa Muling Pagbalangkas ng mga Distrito ng California.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULOY

Pigura 2

### Ipinapanukalang mga Kongresyunal na Distrito




Tala: Tingnan ang mga mapa ng kongresyunal na distrito sa hilaga at timog para sa mga numero ng distrito sa mga rehiyon ng Bay Area at Los Angeles. Ang mapa ay batay sa datos na nai-post sa mga website ng mga komite sa halalan ng Lehislatura ng California (Komite ng Asembleya para sa mga Halalan at Komite ng Senado para sa mga Halalan at mga Amyenda sa Konstitusyon).

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULOY

Pigura 3

### Kasalukuyang mga Hilagang Kongresyunal na Distrito




Tala: Ang mapa ay batay sa datos na nai-post sa website ng Komisyon ng mga Mamamayan para sa Muling Pagbalangkas ng mga Distrito ng California.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULOY

Pigura 4

### Ipinapanukalang mga Kongresyunal na Distrito sa Hilaga




Tala: Ang mapa ay batay sa datos na nai-post sa mga website ng mga komite sa halalan ng Lehislatura ng California (Komite ng Asembleya para sa mga Halalan at Komite ng Senado para sa mga Halalan at mga Amyenda sa Konstitusyon).


PROPOSISYON **50** PINAHIHINTULUTAN ANG MGA PANSAMANTALANG PAGBABAGO SA MGA MAPA NG KONGRESYONAL NA DISTRITO BILANG TUGON SA PARTIDISTANG MULING PAGDIDISTRITO NG TEXAS. AMYENDANG KONSTITUSYONAL NG LEHISLATURA.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULOY

Pigura 5


### Kasalukuyang mga Timog Kongresyunal na Distrito




Tala: Ang mapa ay batay sa datos na nai-post sa website ng Komisyon ng mga Mamamayan para sa Muling Pagbalangkas ng mga Distrito ng California.

Pigura 6

## Ipinapanukalang mga Kongresyunal na Distrito sa Timog




Tala: Ang mapa ay batay sa datos na nai-post sa mga website ng mga komite sa halalan ng Lehislatura ng California (Komite ng Asembleya para sa mga Halalan at Komite ng Senado para sa mga Halalan at mga Amyenda sa Konstitusyon).

## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 50 ★

*PIGILAN SI TRUMP SA PAGMANIPULA NG HALALAN NG 2026*

Si Donald Trump at ang mga Republican sa Texas ay gumagawa ng walang kaparis na pag-agaw ng kapangyarihan upang makuha ang mga upuan sa Kongreso at manipulahin ang halalan ng 2026 bago pa man magsimula ang pagboto.

Sumusunod din ang ibang mga estadong Republikano. Nais nilang makakuha ng sapat na upuan upang kontrolin ang Kongreso kahit mariing tinatanggihan ng mga botante ang kanilang adyenda.

Hindi ito karaniwang pulitika. Isa itong emerhensiya para sa ating demokrasya.

*TIYAKIN ANG MAKATARUNGANG REPRESENTASYON SA KONGRESO*

Nakita na natin kung paano nagpataw si Trump ng mga taripa na nakaapekto sa mga pamilya ng California, tumanggi ng tulong sa mga biktima ng sunog, at nag-utos ng maramihang pag-aresto nang walang warrant. Ang halalan ng 2026 para sa Kongreso ang tanging pagkakataon upang magkaroon ng mahalagang check and balance laban sa mapanganib na adyenda ni Trump.

Kung hindi kikilos ngayon ang mga taga-California, makakamit ni Donald Trump ang ganap na kapangyarihan sa loob ng dalawa pang taon. Ang Proposisyon 50, ang Batas sa Pagtugon sa Manipulasyon ng Halalan, ang pipigil sa kanilang anti-demokratikong plano. Narito ang nilalaman nito:

- *PINAPANTAY ANG LARANGAN NG LABANAN.* Tinitiyak ng Prop. 50 na ang mid-term elections ng 2026 ay isasagawa sa isang patas na labanan nang walang hindi makatarungang bentahe para sa mga Republikano.
- *NANGANGAKO SA MAKATARUNGANG REDISTRICTING.* Muling pinagtitibay ng Prop. 50 ang pangako ng California sa independiyenteng redistricting at nananawagan ng pambansang pangako para sa patas at walang-kinikilingang mga mapa.
- *IBINIBIGAY ANG KAPANGYARIHAN SA MGA BOTANTE.* Ibinibigay ng Prop. 50 ang kapangyarihan sa mga Mamamayan ng California, hindi sa mga pulitikong nagtatagpo sa likod ng mga saradong pinto, upang aprubahan ang mga pang-emerhensiyang mapa ng kongresyunal na distrito bilang tugon sa pakana ni Trump ng pandaraya sa halalan.
- *MAKATARUNGAN AT PROPORSYONAL.* Nagbibigay lamang ang Prop. 50 ng mga pang-emerhensiyang mapa dahil isinulong ng mga Republikano ang kanilang pag-agaw ng kapangyarihan.
- *PANSAMANTALA.* Ang mga mapang ito ay matatapos sa 2030. Pinapanatili ng Prop. 50 ang mga kinikilalang reporma ng California sa muling pagbalangkas ng mga distrito at muling pinagtitibay ang awtoridad ng California Komisyon ng mga Mamamayan para sa Muling Pagbalangkas ng mga Distrito upang iguhit ang mga kongresyunal na distrito matapos ang susunod na senso.

Walang mas hihigit pa sa nakataya ngayon. Kung manipulahin ng mga Republikano ang halalan at makuha ang kontrol ng Kongreso sa susunod na taon, ipagpapatuloy nila ang pagtanggal ng healthcare para sa milyun-milyong Amerikano, pagbawas ng pondo para sa mga paaralan, at pagputol ng mahahalagang serbisyo para sa mga beterano upang makapagbigay ng bawas-buwis para sa mga bilyonaryo at malalaking korporasyon.

*IPAGTANGGOL ANG DEMOKRASYA SA LAHAT NG 50 ESTADO*

May tungkulin ang California na ipagtanggol ang demokrasya. Upang magawa iyon, hindi tayo maaaring sumuko o lumaban na may nakagapos na mga kamay. Kapag sinubukan ni Trump na manipulahin ang mga halalan, dapat tayong lumaban gamit ang lahat ng magagamit na kasangkapan.

Gumuguhit ang Prop. 50 ng makatarungang mga mapa na kumakatawan sa iba't ibang komunidad ng California at tinitiyak na hindi matahimik ang ating mga tinig dahil sa partidistang gerrymandering sa ibang mga estado.

Nangunguna ang California sa bansa sa pagtatanggol ng karapatang bumoto at patas na halalan. Kapag sinubukan ng ibang mga estado na patahimikin ang ating tinig at manipulahin ang sistema, dapat tayong tumugon nang may katapangan.

Sumama kina Pangulong Barack Obama, Gobernador Gavin Newsom, Senador Alex Padilla, Senador Adam Schiff, Speaker Emerita Nancy Pelosi, mga eksperto sa halalan, mga independent redistricting commissioners, Planned Parenthood, ang NAACP, mga beteranong taga-California, guro, at mga nars.

Bumoto ng OO sa Prop. 50 upang pigilan ang pakana ni Trump ng pandaraya sa halalan.

Bumoto ng OO para sa pagsusuri at pagbabalanse ng kapangyarihan.

Bumoto ng OO upang ipagtanggol ang demokrasya sa lahat ng 50 estado.

**Gobernador Gavin Newsom**

**Senador ng U.S. Alex Padilla**

**Speaker Emerita ng U.S. Nancy Pelosi**

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 50 ★

MALI ANG LANDAS—HINDI SA PROP. 50

Alam natin na ang demokrasya ng Amerika ay nagliliyab, ngunit ang pagpapabilis ng gerrymandering ay dagdag lamang na apoy! Sinasamantala ng mga pulitiko ang krisis na ito upang bigyang-katwiran ang pag-agaw ng kapangyarihan.

PROP. 50 HINDI IPINAGTATANGGOL ANG ATING DEMOKRASYA

Hindi isang magic pill ang Prop. 50 upang gamutin ang mga sakit ng bansa. Ipinapahayag nitong pinoprotektahan ang demokrasya, ngunit binabawasan nito ang mga tinig ng ating mga komunidad at hindi epektibo laban sa anumang labis na paggamit ng kapangyarihan ng pangulo. Bumoto ng HINDI.

Pinahintulutan ng gerrymandering sa California ang Lehislatura na gumuhit ng mga partidistang upuan nang walang transparency o partisipasyon ng mamamayan, tanging upang protektahan ang mga nakaupong opisyal. Pagsapit ng 2001, nabulok ang pamahalaan, at ang mga mambabatas ay naging bihag ng matitinding panig ng kanilang mga partido.

Kumilos ang mga botante at ibinigay ang pagguhit ng linya sa mga mamamayan, na nagresulta sa:

- *Mapagkumpitensyang mga Distrito:* Ang mga dating ligtas na upuan ngayon ay kailangang pagtrabahuhan.
- *Mas Mabuting Representasyon:* Dumoble ang kababaihan sa Lehislatura, natriple ang representasyong Asyano, halos dumoble ang representasyong Itim, at nadagdagan ng 8% ang mga upuang Latino.
- *Pamahalaan para sa Mamamayan:* Sa pamamagitan ng mas katamtamang mga kinatawan, nakapasa ang Lehislatura ng mga bipartisan na batas na nagsisilbi sa interes ng lahat ng taga-California.

TAYO ANG MAMAMAYAN

Ang mga distrito ay hindi pag-aari ng alinmang partido; pag-aari ito ng Mga Mamamayan. Ngunit nais muling kontrolin ng mga pinuno ng partido ang proseso. HINDI sa sistemang "bayad-para-makapaglaro".

Sinasabi ng Prop. 50 na ito ay "pansamantala," ngunit lalampasan muli ng Lehislatura ang independent Citizens Redistricting Commission sa 2028, 2030—at marahil lampas pa. Huwag magpaloko.

Iginuhit ng mga mambabatas ang mapang ito nang palihim para aprubahan ninyo nang walang pagtutol. Hindi ito ang inyong desisyon.

*Bumoto ng HINDI sa partidistang gerrymandering. Bumoto ng HINDI sa Prop. 50.*

**Cynthia Dai,** Umiikot na Tagapangulo
Unang Komisyon sa Muling Pagbabalangkas ng mga Distrito ng mga Mamamayan

**Jeanne Raya,** Umiikot na Tagapangulo
Unang Komisyon sa Muling Pagbalangkas ng mga Distrito ng mga Mamamayan

**Jodie Filkins Webber,** Umiikot na Tagapangulo
Unang Komisyon sa Muling Pagbalangkas ng mga Distrito ng mga Mamamayan

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 50 ★

PROPOSISYON 50: ISANG PAG-AGAW NG KAPANGYARIHAN NG MGA PULITIKO

Isinulat ang Prop. 50 ng mga pulitiko, para sa mga pulitiko. Winawasak ng Proposisyon 50 ang mga pananggalang ng konstitusyon na nagpapanatili ng patas na mga mapa ng halalan. Tinatanggal nito ang mga rekisito upang panatilihing magkakasama ang mga lungsod, county, at lokal na komunidad, at inaalis ang mga proteksiyon ng botante na nagbabawal sa mga mapang idinisenyo upang paboran ang mga nakaupong opisyal o partido pulitikal—ibinabalik ang mga pulitiko sa kapangyarihan ng pagguhit ng kanilang sariling mga distrito, o ng kanilang mga kaibigan.

Ang boto ng "HINDI" ay nagpoprotekta ng patas na halalan at nagpapanatili na ang mga tao ng California—hindi ang mga pulitiko—ang may kontrol sa redistricting.

HINDI SA PROP. 50: BINUBUWAG NITO ANG MAHAHALAGANG REPORMANG INAPRUBAHAN NG MGA BOTANTE PARA SA HALALAN

Sa loob ng mga dekada, iginuhit ng mga pulitiko sa Sacramento ang kanilang sariling mga hangganan ng distrito nang palihim na walang pampublikong pagsusuri—tinitiyak ang kanilang muling pagkahalal, tinatanggihan ang mga botante ng tunay na pagpipilian, at inaalis ang maraming kababaihan at taong may kulay mula sa pagtakbo sa puwesto.

Noong 2008, inaprubahan ng mga botante ng California ang makasaysayang reporma sa halalan—na lumikha ng independiyenteng Komisyon ng mga Mamamayan ng California sa Muling Pagbabalangkas ng mga Distrito. Nagpasya ang mga botante na ang mga linya ng distrito ay dapat iguhit ng isang balanseng panel ng mga karaniwang mamamayan—hindi ng mga pulitikong makikinabang.

Itinatapon ng Prop. 50 ang mga mapa ng kongreso na iginuhit ng mga mamamayan na nilikha sa pamamagitan ng isang transparent na pampublikong proseso na may input mula sa higit 35,000 taga-California. Sa halip, palihim na iginuhit ng mga pulitiko ang mga mapa—iniiwan ang mga botante na walang tunay na boses.

HINDI SA PROP. 50: ISA PANG PLANO UPANG PERMANENTENG TAPUSIN ANG MALAYANG MULING PAGBALANGKAS NG MGA DISTRITO

Noong 2008 at 2010, gumastos ng milyon-milyong dolyar ang Partidong Demokratiko at mga espesyal na interes upang pigilan ang muling pagbabalangkas ng mga distrito ng mamamayan. Kalaunan, nagsampa pa ng kaso ang Partidong Republikano ng California upang baligtarin ang mga mapang iginuhit ng mamamayan—ngunit natalo. Ngayon, nagbabalak ang mga pulitiko sa Sacramento na muling makuha ang kontrol gamit ang Prop. 50.

Huwag magkamali: ang Prop. 50 ay hindi pansamantala. Sa loob ng higit kalahating dekada, makakapagpataw ang mga pulitiko ng kanilang mga gerrymandered na mapa. Mas masahol pa, nagtatakda ito ng mapanganib na precedent—nagbubukas ng pinto para sa Sacramento na patuloy na gumuhit ng mga mapa ng halalan lampas 2031—binibigyan ang mga pulitiko ng permanenteng kapangyarihan upang protektahan ang kanilang sarili at ang kanilang mga kaalyado mula sa pananagutan para samataas na cost of living sa California, tumataas na gastos sa pabahay, at pagtaas ng bayarin sa enerhiya.

HINDI SA PROP. 50: HUWAG PALINLANG SA POLITICAL SPIN

Ang kaparehong mga pulitiko na tumutol sa malayang muling pagbalangkas ng mga distrito mula sa simula ay nagsasabing "ililigtas ng Prop. 50 ang demokrasya". Sa totoo, pinahihina ng Prop. 50 ang makatarungang representasyon sa pamamagitan ng pagtataboy sa publiko at pagbabalik ng gerrymandering sa California.

Hindi demokratiko ang Prop. 50; binibigyan nito ang mga botante ng desisyong tanggapin-o-iwanan sa pinaka-partidistang mga mapa sa kasaysayan ng California—isang produkto ng mga palihim na kasunduan ng mga pulitiko na may WALANG makabuluhang partisipasyon ng publiko.

Hinahati ng Prop. 50 ang mga komunidad upang makinabang ang mga pulitiko, hinahati ang mga county ng 114 na beses at mga lungsod ng 141 na beses—malayong higit kaysa sa mga mapang iginuhit ng mga mamamayan.

*"Kapag nag-gerrymander ang mga pulitiko, hinahati nila ang ating mga kapitbahayan at pinahihina ang tinig ng mga komunidad na may kulay. Anuman ang mangyari sa Texas, hindi natin maililigtas ang demokrasya sa pamamagitan ng pagsira nito sa California. Bumoto ng HINDI sa Prop. 50."—Kagalang-galang Mac Shorty, Lider ng Karapatang Sibil*

HINDI SA PROP. 50: ISANG MALAKING PAG-AKSAYA NG PERA NG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS

Nanawagan ang Lehislatura ng isang special election para lamang ipasa ang pagbabago sa konstitusyon na nagpoprotekta sa mga pulitiko—na nagkakahalaga ng $200,000,000 mula sa mga nagbabayad ng buwis.

Sa gitna ng malaking budget deficit, gumagawa ang mga pulitiko sa Sacramento ng masakit na pagbawas sa healthcare, pabahay, edukasyon, at pampublikong kaligtasan. Sa halip na protektahan ang mahahalagang programa, ginagastos nila ito sa pag-agaw ng kapangyarihan sa pulitika.

Bumoto ng HINDI sa Prop. 50.

*VotersFIRSTAct.org*

**Roberto Moncada**, Miyembro ng Lupon
Nagkakaisang Aksyon ng mga Latino

**Faith Bautista Tamashiro**, Pangulo
Pambansang Koalisyon para sa Pagkakaiba-iba

**Taylor Shorty**, Miyembro ng Lupon
Kilusang Muling Pagpapaigting ng Kapangyarihan ng Komunidad

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 50 ★

*BABALA: ANG HINDI SA 50 AY SUPORTADO NG MGA EXTREMISTANG TAGASUNOD NI TRUMP*

Sino ang gumagastos ng milyon-milyon laban sa Prop. 50?

Isang anti-choice na mega-millionaire na nagngangalang Charles Munger Jr. na nais tulungan si Donald Trump at ang mga Republikano ng Red State na manipulahin ang mga halalan ng 2026 at ibigay kay Trump ang ganap na kapangyarihan para sa dalawa pang taon.

Ang mga independent redistricting commissioners, mga eksperto sa halalan, at mga nangungunang organisasyon sa karapatang sibil—mula sa NAACP hanggang sa National Democratic Redistricting Committee—ay nananawagan sa iyo na tanggihan ang mga kasinungalingang ikinakalat ng mga huwad na front groups ng HINDI sa 50.

*Kasinungalingan #1: "Binubuwag ng Prop. 50 ang mahahalagang reporma sa halalan na inaprubahan ng mga botante."* Mali ito. Nanawagan ang Prop. 50 sa lahat ng estado na tapusin ang partidistang gerrymandering at muling pinagtitibay ang kapangyarihan ng Komisyon ng Mamamayan sa Muling Pagbalangkas ng mga Distrito ng California na gumuhit ng mga linya pagkatapos ng susunod na sensus.

*Kasinungalingan #2: "Tinatanggal ng Prop. 50 ang mga rekisito upang panatilihing magkakasama ang mga lungsod, county, at lokal na komunidad."* Taliwas dito, pinananatili ng Prop. 50 ang MAS maraming lungsod at county na magkakasama, at mga komunidad na buo kaysa sa mga kasalukuyang mapa ng California.

*Kasinungalingan #3: "Ibinabalik ng Prop. 50 ang mga pulitiko sa kapangyarihan ng pagguhit ng kanilang sariling mga distrito."* Hindi totoo. Ibinibigay ng Prop. 50 ang kapangyarihan na aprubahan ang mga emerhensiyang mapa sa kamay ng mga botante, hindi ng mga pulitiko.

*Kasinungalingan #4: "Permanente nang tinatapos ng Prop. 50 ang malayang muling pagbabalangkas ng mga distrito."* Hindi rin totoo. Ang Prop. 50 ay isang pansamantala at proporsyonal na tugon sa plano ni Trump na manipulahin ang halalan at matatapos sa 2030.

Hindi maaaring payagan ng mga taga-California sina Donald Trump at mga Republikano ng Texas na manipulahin ang halalan ng 2026 at patahimikin ang ating mga tinig.

Bumoto ng OO sa Prop. 50.

Ipagtanggol ang demokrasya, panatilihin ang walang-kinikilingang muling pagbalangkas ng distrito at tiyakin ang patas na halalan sa lahat ng 50 estado.

**Sara Sadhwani,** Komisyoner
2020 Komisyon ng mga Mamamayan sa Muling Pagbalangkas ng mga Distrito ng California

**Jodi Hicks**, Pangulo
Planned Parenthood Affiliates of California

**Nikki Davis Milevsky,** Pangulo
Asosasyon ng mga Guro ng Lungsod ng Sacramento

50

# PROPOSISYON 50

Ang amyendang ito na iminungkahi ng Assembly Constitutional Amendment 8 ng 2025–2026 Regular Session (Resolusyon Kabanata 156, Mga Batas ng 2025) ay tahasang nag-aamyenda sa Konstitusyon ng California sa pamamagitan ng pagdaragdag ng isang seksyon dito; samakatuwid, ang mga bagong probisyong iminungkahi na idagdag ay nakaimprenta sa *italic type* upang ipakita na ang mga ito ay bago.

## IMINUMUNGKAHING AMYENDA SA ARTIKULO XXI

Una—Ang panukalang ito ay makikilala, at maaaring tukuyin, bilang ang "Batas sa Pagtugon sa Manipulasyon ng Halalan."

Ikalawa—Ipinasya ng mga tao ng Estado ng California at idineklara ang lahat ng sumusunod:

(a) Tinawag ni Pangulong Donald Trump ang mga estadong pinamumunuan ng Republikano upang magsagawa ng isang walang kaparis na muling pagbalangkas sa gitna ng dekada ng mga upuan sa kongreso upang manipulahin ang halalang midterm ng 2026 ng Estados Unidos bago magsimula ang pagboto.

(b) Ang Estado ng Texas ay nagsagawa ng isang special session ng Lehislatura nito upang muling iguhit ang mga mapa ng distrito ng kongreso upang hindi patas na bigyan ng kalamangan ang mga Republikano.

(c) Itinatag ng Lehislatura ng Estado ng Florida ang isang piling komite upang isulong ang isang pambihirang muling pagbalangkas sa gitna ng dekada upang hindi patas na bigyan ng kalamangan ang mga Republikano.

(d) Hinimok ng mga Republikano ang Estado ng Ohio na magsagawa ng muling pagbalangkas sa gitna ng dekada upang hindi patas na makalikha ng mas maraming upuang Republikano sa Kongreso.

(e) Ang mga opisyal na Republikano sa mga Estado ng Indiana, Missouri, New Hampshire, Nebraska, at South Carolina ay isinaalang-alang din ang panawagan ni Pangulo Trump para sa muling pagbalangkas sa gitna ng dekada ng mga upuan sa kongreso upang hindi patas na bigyan ng kalamangan ang mga Republikano.

(f) Sinusubukan nina Pangulo Trump at ng mga Republikano na makakuha ng sapat na upuan sa pamamagitan ng muling pagbalangkas upang manipulahin ang resulta ng halalang gitnang termino ng 2026 ng Estados Unidos kahit paano bumoto ang mga tao.

(g) Ang plano ni Pangulo Trump na manipulahin ang halalan ay isang emerhensiya para sa ating demokrasya.

(h) Ang halalang gitnang termino ng 2026 ng Estados Unidos ay ang tanging pagkakataon ng mga botante upang magbigay ng mahalagang pagsusuri at balanse laban sa mapanganib na adyenda ni Pangulo Trump.

(i) Matagal nang naninindigan ang California bilang pambansang lider para sa patas, malaya, at walang partidong muling pagbalangkas ng mga distrito.

(j) Nanawagan ang California sa lahat ng iba pang estado na magpasiya para sa patas at walang-kinikilingang pagguhit ng mga mapa.

(k) May tungkulin ang California na ipagtanggol ang demokrasya.

(*l*) Ang halalan ng gitnang termino ng 2026 ng Estados Unidos para sa Kongreso ay dapat isagawa sa isang pantay na laban nang walang matindi at hindi patas na kalamangan para sa mga Republikano.

(m) Ang mga tao ng California, hindi ang mga pulitiko, ang dapat magkaroon ng kapangyarihan na aprubahan ang pansamantalang mga mapa ng distrito ng kongreso bilang tugon sa plano ni Pangulo Trump na manipulahin ang halalan.

(n) Layunin ng mga tao na ang pansamantalang mga mapa ng California ay idisenyo upang kontrahin ang partidistang gerrymandering na pinagbabantaan ng mga estadong pinamumunuan ng Republikano nang hindi sinisira ang patas na representasyon para sa lahat ng mga komunidad.

Ikatlo—Na ang Seksyon 4 ay idinagdag sa Artikulo XXI nito, upang basahin:

*SEK. 4. (a) Polisiya ng Estado ng California na suportahan ang paggamit ng patas, malaya, at walang-kinikilingang mga komisyon sa muling pagbalangkas ng mga distrito sa buong bansa. Nanawagan ang mga tao ng Estado ng California sa Kongreso ng Estados Unidos na magpasa ng batas pederal at magmungkahi ng isang amyenda sa Konstitusyon ng Estados Unidos upang hilingin ang paggamit ng patas, malaya, at walang-kinikilingang mga komisyon sa muling pagbalangkas ng mga distrito sa buong bansa.*

*(b) Bilang tugon sa muling pagbalangkas ng kongreso sa Texas noong 2025, at sa kabila ng anumang ibang probisyon ng Konstitusyon o umiiral na batas, ang mga distritong isahang-kasapi para sa Kongreso na nakalarawan sa Assembly Bill 604 ng 2025–26 Regular Session alinsunod sa mga rekisito ng Kabanata 5 (na nagsisimula sa Seksyon 21400) ng Dibisyon 21 ng Kodigo ng mga Halalan ay pansamantalang gagamitin para sa bawat halalan sa kongreso para sa isang termino ng panunungkulan na magsisimula sa o pagkatapos ng petsa na naging epektibo ang subdibisyong ito at bago ang sertipikasyon ng mga bagong hangganan ng kongreso na iginuhit ng Komisyon ng mga Mamamayan sa Muling Pagbalangkas ng mga Distrito alinsunod sa subdibisyon (d).*

*(c) (1) Ang Pangkalahatang Abogado ay may tanging legal na katayuan upang ipagtanggol ang anumang aksyon tungkol sa mapa ng distrito ng kongreso na pinagtibay alinsunod sa subdibisyon (b).*

*(2) Ang Korte Suprema ng California ay may orihinal at eksklusibong hurisdiksyon sa lahat ng paglilitis kung saan ang mapa ng distrito ng kongreso na pinagtibay alinsunod sa subdibisyon (b) ay tinututulan.*

*(d) Ang Komisyon ng mga Mamamayan sa Muling Pagbalangkas ng mga Distrito na itinatag alinsunod sa Seksyon 1 ay magpapatuloy na ayusin ang mga hangganan ng mga linya ng distrito ng kongreso, Senado ng Estado, Asembleya, at Lupon ng Equalization alinsunod sa mga pamantayan at prosesong itinakda sa Seksyon 2 sa 2031, at bawat 10 taon pagkatapos nito gaya ng nakatadhana sa Seksyon 1.*

Ikaapat—Ang mga probisyon ng panukalang ito ay maaaring paghiwa-hiwalayin. Kung ang anumang bahagi, seksyon, subdibisyon, talata, sugnay, pangungusap, parirala, salita, o aplikasyon ng panukalang ito ay sa anumang dahilan ay ideklarang hindi balido ng isang desisyon ng anumang hukuman na may sapat na hurisdiksyon, ang desisyong iyon ay hindi makakaapekto sa bisa ng mga natitirang bahagi ng panukalang ito. Idineklara ng Lehislatura na ipapanukala pa rin nito, at idineklara ng mga botante na tatanggapin pa rin nila, ang panukalang ito at bawat bahagi, seksyon, subdibisyon, talata, sugnay, pangungusap, parirala, salita, at aplikasyon na hindi idineklarang hindi balido o hindi konstitusyonal nang walang pakialam kung alinmang bahagi ng panukalang ito o aplikasyon ng panukalang ito ay kalaunang ideklarang hindi balido.

# Mga Tip para sa Mga Botante ng California na Militar at nasa Ibang Bansa

Ang paglahok sa mga halalan ay mas madali kaysa dati para sa mga taga-California na naglilingkod sa militar o naninirahan sa labas ng Estados Unidos. Nagsisimula ito kapag nagparehistro ka upang bumoto bilang isang militar o botante sa ibang bansa at tumanggap ng mga materyales sa halalan sa pamamagitan ng koreo, fax, o email. Maging handa!

- **Maagang magsimula**. Dapat magpadala ang mga opisyal ng halalan ng county ng California ng mga balota sa mga botante na militar at nasa ibang bansa nang hindi lalampas sa 45 araw bago ang Araw ng Halalan. Punan ang isang aplikasyon sa pagpaparehistro ng botante nang maaga sa *registertovote.ca.gov* upang matiyak na matatanggap mo ang iyong mga materyales sa pagboto sa oras at maibabalik mo ang iyong binotohang balota bago ang Araw ng Halalan.
- **Alamin ang iyong mga opsyon**. Kapag nagpaparehistro para bumoto bilang isang militar o botante sa ibang bansa, maaari mong piliing ipadala sa koreo, i-fax, o i-email sa iyo ang iyong balota. Bukod pa rito, maaari mong bisitahin ang website ng opisyal ng mga halalan ng iyong county para sa impormasyon tungkol sa kung paano i-download ang iyong balota at mga materyales sa halalan. Maaari mong ibalik ang iyong binotohang balota sa opisyal ng mga halalan ng iyong county sa pamamagitan ng koreo o, sa ilang partikular na pagkakataon, sa pamamagitan ng fax. Kung natugunan mo ang mga kinakailangan upang ibalik ang iyong balota sa pamamagitan ng fax, dapat mo ring i-fax ang form ng Panunumpa ng Botante (makukuha mula sa opisyal ng halalan ng iyong county) na nag-aalis ng iyong karapatan sa isang kumpidensyal na balota.

> **Alert!** Itinigil na ng Pederal na Programa sa Tulong sa Pagboto (FVAP) ang kanilang serbisyo ng pagpapadala sa pamamagitan ng fax ng mga materyales sa halalan ng mga botanteng militar at nasa ibang bansa sa mga opisyal ng halalan sa county.
>
> **Ang ibig sabihin nito: hindi mo na maipapadala ang iyong binotohang balota sa *fax@fvap.gov*.**
>
> Kung nais mong isauli ang iyong nabotohang balota sa pamamagitan ng fax, dapat mo itong direktang ipadala sa iyong opisyal ng halalan sa county.

- **Manatiling nakikipag-ugnayan**. Sa sandaling magparehistro ka bilang isang militar o botante sa ibang bansa, patuloy kang makakatanggap ng balota at mga materyales sa halalan mula sa opisyal ng mga halalan ng iyong county bago ang bawat halalan sa buong estado. Gayunman, kakailanganin mong i-update ang iyong rehistrasyon ng botante kung babaguhin mo ang iyong tirahan, pangalan, o pagpili ng partidong politikal. Bisitahin ang *sos.ca.gov/elections/voter-registration/military-overseas-voters/* para sa higit pang mapagkukunan ng halalan na idinisenyo para sa iyo.

## Mga petsang dapat tandaan:

**Oktubre 20, 2025:** Huling araw ng pagpaparehistro ng mga botanteng militar at nasa ibang bansa upang makaboto sa Pambuong-Estadong Espesyal na Halalan.

**Oktubre 21–Nobyembre 4, 2025:** Bukas ang Pagpaparehistro sa Kaparehong Araw. Maaari kang “kondisyonal” na magparehistro upang bumoto at bumoto gamit ang isang probisyonal na balota sa panahong ito. Makipag-ugnayan sa iyong opisyal ng halalan sa county para sa karagdagang impormasyon.

**Nobyembre 4, 2025:** Araw ng Halalan. Ibalik ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo pagkatanggap mo nito. Ang mga balota na ipinadala sa koreo ay dapat may tatak ng koreo nang hindi lalampas sa Araw ng Halalan **at** matanggap ng opisina ng halalan ng county nang hindi lalampas sa Nobyembre 12, 2025. Ang mga naka-fax na balota ay dapat maihatid sa opisina ng mga halalan ng iyong county bago lumampas ang pagsasara ng mga botohan, hindi lalampas sa 8:00 p.m. Pacific Standard Time sa Araw ng Halalan.

## Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa:

Kalihim ng Estado ng California

(800) 339-2957

*sos.ca.gov/elections/voter-registration/military-overseas-voters/*

Pederal na Programa sa Tulong sa Pagboto

(800) 438-VOTE (8683)

*www.fvap.gov*

# BABALA: IPINAGBABAWAL ANG ELECTIONEERING!

Pwedeng magresulta sa mga multa at/o pagkakakulong ang mga paglabag.

## SAAN:

- Sa loob ng malapit na paligid ng isang taong nakapila para ihulog ang kanyang balota o sa loob ng 100 feet mula sa pasukan ng isang lugar ng botohan, pagboto sa curbside, o drop box, ang mga sumusunod na aktibidad ay ipinagbabawal.






## ANO ANG MGA AKTIBIDAD NA IPINAGBABAWAL:

- **HUWAG** hilingin sa isang tao na bumoto para o laban sa sinumang kandidato o panukalang balota.
- **HUWAG** mag-display ng pangalan, imahe, o logo ng kandidato.
- **HUWAG** harangan ang access sa o tumambay malapit sa mga drop box ng balota.
- **HUWAG** magbigay ng anumang materyal o naririnig na impormasyon para sa o laban sa sinumang kandidato o panukalang balota malapit sa anumang lugar ng botohan, sentro ng pagboto, o ballot drop box.
- **HUWAG** magpakalat ng anumang petisyon, kabilang ang para sa mga inisyatiba, referendum, recall, o nominasyon ng kandidato.
- **HUWAG** magpamahagi, mag-display, o magsuot ng anumang damit (mga sumbrero, shirt, button, sticker) na naglalaman ng pangalan, imahe, at logo ng kandidato, at/o sumusuporta o kumokontra sa sinumang kandidato o panukalang balota.
- **HUWAG** mag-display ng impormasyon o kumausap sa isang botante tungkol sa pagiging kwalipikado ng botante na bumoto.

Ang mga pagbabawal sa pangangampanya na nakabuod sa itaas ay nakatakda sa Artikulo 7 ng Kabanata 4 ng Dibisyon 18 ng Kodigo ng Halalan ng California.

# BABALA: IPINAGBABAWAL ANG PAGSIRA SA PROSESO NG PAGBOTO!

Ang mga paglabag ay napapailalim sa multa at/o pagkakabilanggo.

## ANO ANG MGA AKTIBIDAD NA IPINAGBABAWAL:

- **HUWAG** gumawa o magtangkang gumawa ng pandaraya sa halalan.
- **HUWAG** magbigay ng anumang uri ng kompensasyon o suhol sa, sa anumang anyo o anumang pamamaraan o pagtatangkang magdulot, sa isang taong bumoto o hindi bumoto.
- **HUWAG** bumoto nang ilegal.
- **HUWAG** magtangkang bumoto o tumulong sa iba na bumoto kung walang karapatang bumoto.
- **HUWAG** sumali sa electioneering; kuhanan ng litrato o magrekord ng botante na pumapasok o lumabas sa lugar ng botohan; o humarang sa pasukan, labasan, o parkingan.
- **HUWAG** hamunin ang karapatan ng isang tao na bumoto o pigilan ang mga botante sa pagboto; antalahin ang proseso ng pagboto; o mapanlinlang na magpayo sa sinumang tao na hindi siya karapat-dapat na bumoto o hindi nakarehistro para bumoto.
- **HUWAG** subukang alamin kung paano bumoto ang isang botante sa kanyang balota.
- **HUWAG** magdala o tumulong sa kahit sino na magdala ng baril na lubhang malapit sa lugar ng botohan, na may ilang eksepsiyon.
- **HUWAG** magpakita o tumulong para sa isang tao na magpakita sa uniporme ng isang peace officer, guwardiya, o mga tauhan ng seguridad sa agarang paligid ng isang lugar ng botohan, na may ilang mga eksepsiyon.
- **HUWAG** pakialaman o hadlangan ang anumang bahagi ng isang sistema ng pagboto.
- **HUWAG** palsipikahin, pekein, o pakialaman ang mga pagbabalik ng isang halalan.
- **HUWAG** baguhin ang mga pagbabalik ng isang halalan.
- **HUWAG** pakialaman, sirain, o baguhin ang anumang listahan ng botohan, opisyal na balota, o lalagyan ng balota.
- **HUWAG** mag-display ng anumang hindi opisyal na lalagyan sa pangongolekta ng balota na maaaring makapanloko sa botante para maniwalang isa itong opisyal na kahon sa pangongolekta.
- **HUWAG** pakialaman o humadlang sa kopya ng mga resulta ng mga botong ipinasa.
- **HUWAG** pilitin o linlangin ang isang taong hindi marunong bumasa o isang nakatatanda sa pagboto para o laban sa isang kandidato o panukalang taliwas sa kanilang layunin.
- **HUWAG** magkunwari bilang opisyal ng halalan kung hindi ka isa sa mga ito.

Hindi pwedeng atasan o hilingin ng mga EMPLOYER sa kanilang empleyado na dalhin sa trabaho ang balota na para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo o hilingin sa kanilang empleyado na bumoto sa kanyang balota sa trabaho. Sa panahon ng pagbabayad ng sahod o suweldo, ang mga employer ay hindi maaaring maglakip ng mga materyales na nagtatangkang impluwensiyahan ang mga pulitikal na opinyon o pagkilos ng kanilang empleyado.

Hindi pwedeng magtangka ang MGA MIYEMBRO NG LUPON NG PRESINTO na tukuyin kung paano bumoto ang isang botante sa kanyang balota o, kung madiskubre ang impormasyong iyon, isiwalat kung paano bumoto ang isang botante sa kanyang balota.

Ang mga pagbabawal sa aktibidad na nauugnay sa pandaraya sa proseso ng pagboto na nakabuod sa itaas ay nakasaad sa Kabanata 6 ng Dibisyon 18 ng Kodigo ng Halalan ng California.

# Maghanap ng mga Mapagkakatiwalaang Pinagmumulan ng Impormasyon tungkol sa Halalan

Nakatuon ang Kalihim ng Estado sa pagtiyak na libre, patas, ligtas, tumpak, at naa-access ang mga halalan. Ang maling impormasyon, sinadya man o hindi, ay patuloy na magdudulot ng pagkalito sa mga botante at lilikha ng kawalan ng tiwala sa proseso ng halalan. Ang California ang may isa sa may pinakamalawak na pagsusuri sa sistema ng pagboto at mga programa sa sertipikasyon sa bansa.

Ikaw ang aming pinakamalaking depensa laban sa mga sabi-sabi at maling impormasyon! Mas karaniwan pa kaysa sa inaakala mo ang pagkakaroon ng maling impormasyon tungkol sa halalan. Kung ang isang pahayag mukhang nakakagalit o idinisenyo upang magalit ka, posibleng hindi ito totoo.

Ang mga pinakamainam na mapagmumulan para sa mapagkakatiwalaang impormasyon tungkol sa halalan ay ang iyong mga lokal at pang-estadong opisyal ng mga halalan. Upang matutunan pa ang tungkol sa mga impormasyon tungkol sa halalan o mga karaniwang sabi-sabi na ipinalalaganap, bisitahin ang *catrustedinformation.sos.ca.gov*.

Isumbong ang maling impormasyon sa *votesure@sos.ca.gov*.

# Mga Panseguridad na Pag-iingat sa Halalan sa California

## Ligtas na Teknolohiya

- Ang mga sistema sa pagboto sa county ay hindi nakakonekta sa internet
- Regular na isinasagawa ang matitibay na teknik na panseguridad
- Regular na pagsusuri sa banta at pag-scan ng mga kahinaan sa pakikipagtulungan sa ating mga pang-estado at pederal na partner
- Mahihigpit na pagsusuri sa sistema sa pagboto at sertipikasyon na isinasagawa ng Kalihim ng Estado ng California
- Ang mga awtorisadong tauhan lang ng mga halalan ang may access sa mga sistemang may kaugnayan sa kanilang mga tungkulin

## Mga Ligtas na Proseso

- Ang VoteCal ay isang sentralisadong pambuong-estadong database sa pagpaparehistro ng botante. Sinusuri ng VoteCal ang mga opisyal na rekord at regular itong ina-update
- Dapat nakasunod ang mga balota at teknolohiya ng halalan sa mahihigpit na pamamaraan sa chain-of-custody
- Available ang mga papel na balota para sa lahat ng mga rehistradong botante
- Ang mga pag-audit pagkatapos ng halalan ay isinasagawa ng mga opisyal ng mga halalan
- Bineberipika ang mga lagda sa lahat ng sobre ng balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo
- Pang-emergency na pagpaplano para sa sunog, baha, mga cyber na insidente, at marami pang iba

## Mga Ligtas na Pasilidad at mga Tao

- Kontrol sa pisikal na access at seguridad ng mga lokasyon
- Kinukumpleto ang mga pagtatasa para sa seguridad at pagiging naa-access para sa lahat ng lokasyon
- Ligtas at sinusubaybayan ang mga kahong hulugan ng balota
- Bukas sa obserbasyon ang mga proseso ng halalan sa panahon ng mga partikular na oras ng pagpapatakbo
- Nagbibigay ng pagsasanay sa phishing at cybersecurity para sa lahat ng tauhan

# Mga Rekisito sa California para sa ID ng Botante at Pagpaparehistro

## Sino ang Maaaring Magparehistro upang Bumoto sa California?

**Upang magparehistro, ikaw ay dapat na:**

- Isang mamamayan ng United States at residente ng California.
- 18 taong gulang o mas matanda sa Araw ng Halalan (o 16 o 17 taong gulang upang mag-pre-register)
- Hindi kasalukuyang nagsisilbi ng termino sa bilangguan ng estado o pederal dahil sa felony
- Hindi kasalukuyang napatunayang walang sapat na kakayahan upang bumoto ng isang korte

## Kailangan Ko Bang Magpakita ng ID upang Bumoto sa California?

Sa karamihan ng mga kaso, HINDI. Karaniwan, hindi hinihingi ng California sa mga botante na magpakita ng pagkakakilanlan sa mga botohan.

## Kailan MAARING Hingin sa Iyo ang ID?

Maaari ka lamang hingan ng ID kung LAHAT ng sumusunod ay naaangkop:

- Ikaw ay bumoboto sa unang pagkakataon sa isang pederal na halalan
- Nagparehistro ka sa pamamagitan ng koreo o online, AT
- Hindi mo ibinigay ang iyong CA ID o SSN noong nagparehistro

Aabisuhan ka nang maaga kung ito ay naaangkop sa iyo.

**Maaari lamang humiling ng ID ang mga manggagawa sa botohan kung malinaw na ipinapakita ng listahan ng botante na ito ay kinakailangan.**

**Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang *vote.ca.gov* o tumawag sa aming Hotline ng Botante sa (800) 339-2957.**

## Anong mga Uri ng ID ang Katanggap-tanggap (kung kinakailangan)?

**Maaari kang magpakita ng may larawan o walang larawan na ID, kabilang ang:**

- Lisensiya sa Pagmamaneho ng California o Kard ng ID ng Estado
- Pasaporte ng U.S.
- ID ng Estudyante o Militar
- Opisyal na koreo mula sa isang ahensya ng pamahalaan
- Tseke ng sahod o tseke ng pamahalaan
- Resibo ng utility o pahayag ng bangko

Para sa kumpletong listahan, tingnan: *www.sos.ca.gov/elections/hava-id-standards*

Hindi kinakailangan ang Photo ID, isa lamang ito sa maraming katanggap-tanggap na opsyon. Hindi kinakailangang ipakita ng ID ang iyong address o magmula sa pamahalaan.

## Walang ID Kapag Bumoboto?

Maaari ka pa ring gumamit ng pansamantalang balota. Bibilangin ang iyong balota matapos makumpirma ng mga opisyal ng halalan na ikaw ay nakarehistro upang bumoto sa county na iyon, at hindi ka pa bumoboto sa halalang iyon.

## Tingnan ang Iyong Katayuan bilang Botante Online

Bisitahin ang page ng Kalihim ng Estado na Aking Katayuan bilang Botante sa *voterstatus.sos.ca.gov* para masuri ang iyong katayuan bilang botante, mahanap ang iyong lugar ng botohan o sentro ng pagboto, at marami pang iba.

Para masuri ang iyong katayuan bilang botante, kakailanganin mong ilagay ang iyong pangalan, apelyido, petsa ng kapanganakan, at ang numero ng lisensya sa pagmamaneho mo sa California o numero ng card ng pagkakakilanlan sa California, o ang huling apat na digit ng numero ng iyong social security.

Bisitahin ang *voterstatus.sos.ca.gov* para sa mahahalagang detalye para sa botante.

# Ibinalik na ang mga Karapatan sa Pagboto para sa mga Dating Nahatulan ng Felony

Pwede kang magparehistro at bumoto kung ikaw ay:

- Citizen ng United States at residente ng California
- 18 taong gulang o higit pa sa Araw ng Halalan
- Hindi kasalukuyang natagpuan ng hukuman na walang kakayahan ang pag-iisip na bumoto.
- Hindi kasalukuyang nagbubuno ng sentensya pang-estado o pederal na bilangguan para sa kasong felony

Kung natutugunan mo ang mga kinakailangang ito, maaari kang bumoto kahit na ikaw ay:

- Nahatulan ng misdemeanor (hindi ka kailanman mapipigilang pagboto nang dahil sa misdemeanor)
- Naka-parole supervision o probation
- Napapailalim sa post-release community supervision (binabantayan ka sa komunidad pagkatapos lumaya, PRCS)

Para sa higit pang impormasyon, mangyaring bumisita sa *votingrightsrestored.sos.ca.gov*.

## Magparehistro o magparehistrong muli ngayong araw para bumoto!

Kung nagparehistro ka para bumoto at nahatulan ng felony, maaaring makansela ang dati mong pagpaparehistro.

Magparehistro o muling magparehistro upang bumoto ngayong araw online sa *registertovote.ca.gov*. Maaari ka ring humiling ng papel na card ng pagpaparehistro ng botante sa pamamagitan ng pagtawag sa Hotline para sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

---

# Kailangan Ka ng Demokrasya! Maglingkod Bilang Manggagawa sa Botohan

Tulungan ang mga miyembro ng iyong komunidad na gamitin ang kanilang karapatang bumoto sa pamamagitan ng pag-sign up para maging manggagawa sa botohan. Bilang manggagawa sa botohan, masisiguro mo na madali at ligtas na makakaboto ang mga botante. Magkaroon ng personal na karanasan at sumali sa nag-iisang pinakamahalagang karapatan sa ating demokrasya—ang Pagboto! Kumpletuhin ang form mo ngayong araw sa *pollworker.sos.ca.gov.*

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagiging manggagawa sa botohan, makipag-ugnayan sa opisina ng mga halalan ng iyong county o tawagan ang Kalihim ng Estado ng California sa (800) 339-2957, o bisitahin ang *vote.ca.gov*.

# Bago ka lang sa pagboto? Magsimula sa 3 madaling hakbang!

## 1. Magparehistro!


- Magparehistro upang bumoto bago ang **Oktubre 20, 2025.** Magparehistro online sa *registertovote.ca.gov* o humiling ng form sa pagpaparehistro ng botante na ipadala sa iyo sa pamamagitan ng pagtawag sa libreng Voter Hotline ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957. Makukuha rin ang mga form sa pagpaparehistro ng botante sa iyong tanggapan ng halalan sa county, lokal na post office, o aklatan.
- Ang Pagpaparehistro ng Botante sa Araw ng Halalan, na kilala bilang Kundisyonal na Pagpaparehistro ng Botante sa batas ng estado, ay nagsisilbing pananggalang para sa mga taga-California na hindi nakapagparehistro bago ang takdang petsa ng pagpaparehistro ng botante noong Oktubre 20, 2025. Bisitahin ang *vote.ca.gov* o tingnan ang pahina 29 ng gabay na ito para sa karagdagang impormasyon.
- Ikaw ay kuwalipikadong magparehistro upang bumoto at bumoto kung ikaw ay isang mamamayan ng Estados Unidos at residente ng California, may edad na 18 o higit pa sa Araw ng Halalan, hindi kasalukuyang nagsisilbi ng sentensiya sa kulungan ng estado o pederal dahil sa pagkakahatol sa isang mabigat na krimen, at hindi kasalukuyang idineklara ng korte bilang walang sapat na kakayahan upang bumoto.

## 2. Magkaroon ng sapat na kaalaman!


- Bilang isang rehistradong botante, makakatanggap ka ng dalawang sanggunian ng impormasyon sa pamamagitan ng koreo:
  - Itong Patnubay na Impormasyon para sa Botante, na naglalaman ng impormasyon tungkol sa panukalang balota sa buong estado, ang proseso ng halalan, at kung paano bumoto. Upang matanggap ang iyong patnubay sa ibang wika, tumawag sa (800) 339-2957 o bisitahin ang *voterguide.sos.ca.gov*.
  - Isang Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County, na naglalaman ng halimbawang balota, ang iyong lugar ng botohan o lokasyon ng sentro ng pagboto, at iba pang kapaki-pakinabang na impormasyon.
- Makukuha ang impormasyon tungkol sa mga gastusin ng kampanya ng estado at mga kontribusyon na may kaugnayan sa mga kandidato o komite ng panukalang balota sa *sos.ca.gov/campaign-lobbying*.

## 3. Bumoto!

- Maaari mong ibalik ang iyong balota sa mga sumusunod na paraan:



**Sa drop box:** Ang bawat aktibong rehistradong botante sa California ay padadalhan ng balota para sa Pambuong-Estadong Espesyal na Halalan sa Nobyembre 4, 2025. Maaari mong personal na ihatid ang iyong balota sa alinmang lugar ng botohan o lokasyon ng paghuhulugan ng balota (drop-off location) sa California hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan.



**Nang personal:** Ang mga lugar ng botohan ay itinatalaga ng mga opisyal ng halalan ng county at bukas mula **7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan, Martes, Nobyembre 4, 2025.** Upang makahanap ng lokasyon para bumoto nang mas maaga bago ang Araw ng Halalan, bisitahin ang *caearlyvoting.sos.ca.gov*.

**Sa pamamagitan ng koreo:** Ibalik ang iyong balota sa koreo sa lalong madaling panahon pagkatapos mo itong matanggap. Ang mga balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo ay dapat na may postmark na hindi lalampas sa Araw ng Halalan at matanggap nang hindi lalampas sa Nobyembre 12, 2025.

**Opsyon para sa mga botanteng may kapansanan:** Nag-aalok ang mga county ng isang accessible na opsyon sa pagboto na tinatawag na magagamit sa malayo na pagboto sa pamamagitan ng koreo (RAVBM). Pinapahintulutan ng RAVBM ang mga botanteng may kapansanan na matanggap ang kanilang balota sa bahay at markahan ito nang mag-isa at pribado bago ito ibalik sa mga opisyal ng halalan.

# Ang California Motor Voter

Ginagawang mas madali at ligtas ng programang California Motor Voter ang pagpaparehistro para bumoto sa Kagawaran ng mga Sasakyang De-Motor (DMV) ng California. Lahat ng karapat-dapat na indibidwal na kumukumpleto ng mga transaksyon para sa lisensya sa pagmamaneho, ID card, o pagbabago ng address, sa online, sa pamamagitan ng koreo, o sa personal sa DMV ay awtomatikong marerehistro sa pagboto maliban kung pipiliin nilang mag-"opt out" sa awtomatikong pagpaparehistro ng botante.

Nalalapat ang programang California Motor Voter sa mga taga-California na 18 taong gulang o pataas at nakakatugon sa lahat ng sumusunod na criteria:

- Citizen ng United States.
- Residente ng California.
- Hindi kasalukuyang nagbubuno ng sentensya pang-estado o pederal na bilangguan para sa kasong felony.
- Hindi kasalukuyang natagpuan ng hukuman na walang kakayahan ang pag-iisip na bumoto.

Available ang paunang pagpaparehistro sa pagboto para sa mga 16 at 17 taong gulang. Awtomatikong magiging aktibo ang kanilang pagpaparehistro sa pagboto kapag naging 18 na sila.

Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa *motorvoter.sos.ca.gov*.

Para magparehistro upang bumoto online, pumunta sa *registertovote.ca.gov*.

---

# Impormasyon sa Pagkapribado ng Pagpaparehistro ng Botante

**Programang Ligtas sa Tahanan na Lihim na Pagpaparehistro ng Botante:** Ang ilang botante na humaharap sa mga sitwasyong nagbabanta sa buhay ay maaaring maging kuwalipikado para sa lihim na katayuan ng botante kung sila ay aktibong kasapi ng programang Ligtas sa Tahanan. Kasama rito ang mga biktima at mga nakaligtas sa karahasang domestiko, stalking, seksuwal na pag-atake, pagkalakal ng tao, pagdukot ng bata, at pang-aabuso sa nakatatanda/umaasang may sapat na gulang, gayundin ang mga empleyado/kontratista ng pampublikong entidad na natatakot para sa kanilang kaligtasan dahil sa kanilang trabaho para sa isang pampublikong entidad, at mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugang reproduktibo, mga empleyado, boluntaryo, at mga pasyente na natatakot para sa kanilang kaligtasan dahil sa kanilang kaugnayan sa isang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugang reproduktibo. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa programang Ligtas sa Tahanan ng Kalihim ng Estado nang walang bayad sa (877) 322-5227 o bisitahin ang *sos.ca.gov/safeathome*.

**Pagkapribado ng Impormasyon ng Botante:** Ang impormasyon sa iyong apidabit sa pagpaparehistro ng botante ay gagamitin ng mga opisyal ng halalan upang magpadala sa iyo ng opisyal na impormasyon sa proseso ng pagboto, tulad ng lokasyon ng iyong lugar ng botohan, at ang mga hakbang at kandidato na lalabas sa balota. Ipinagbabawal ng batas at itinuturing na misdemeanor ang pangkomersyong paggamit ng impormasyon sa pagpaparehistro ng botante. Maaaring ibigay ang impormasyon ng botante sa isang kandidato para sa panunungkulan, komite sa panukalang balota, o ibang tao para sa halalan, mga layuning pang-akademya, pampahayagan, pampulitika, o pampamahalaan, tulad ng itinakda ng Kalihim ng Estado. Ang iyong lisensya sa pagmamaneho at mga social security number, o iyong lagda na ipinapakita sa card ng pagpaparehistro ng botante mo ay hindi puwedeng isiwalat para sa mga layuning ito. Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa paggamit ng impormasyon ng botante o nais na mag-ulat ng pinaghihinalaang maling paggamit ng naturang impormasyon, mangyaring tawagan ang walang bayad na Hotline para sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

# Tulong para sa mga Botanteng may Kapansanan

Nakatuon ang California sa pagtitiyak na makakaboto ang bawat botante sa kanilang balota nang pribado at malaya.

Para sa mas detalyadong impormasyong tungkol sa tulong na iniaalok ng iyong county sa mga botanteng may kapansanan, pakitingnan ang iyong Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County o kontakin ang iyong opisyal ng halalan sa county. Makukuha ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng county sa *sos.ca.gov/elections/voting-resources/county-elections-offices*.

## Pagboto sa Lugar ng Botohan o Sentro ng Pagboto

Kung kailangan mo ng tulong sa pagmarka ng iyong balota, maaari mong piliin na magpatulong sa hanggang dalawang tao. Ang taong ito ay hindi pwedeng maging:

- Employer mo o sinumang nagtatrabaho para sa iyong employer
- Pinuno sa iyong unyon ng paggawa o sinumang nagtatrabaho para sa iyong unyon sa paggawa

*Ang pagboto sa curbside* ay hinahayaan kang pumarada malapit sa lugar ng pagboto. Ang mga opisyal ng halalan ay magdadala sa iyo ng isang listahan na lalagdaan, isang balota, at anumang iba pang materyales sa pagboto na maaaring kailanganin mo, kung ikaw ay aktwal na nasa gilid ng bangketa o nasa isang kotse.

Inaatasan ang lahat ng lugar ng botohan at sentro ng pagboto na maging nagagamit ng mga botanteng may mga kapansanan at magkakaroon ng mga magagamit na makina sa pagboto.

## Pagboto sa Bahay

Ang mga sistemang magagawa sa malayo na pagboto sa pamamagitan ng mail (RAVBM) ay nagbibigay ng magagamit na opsyon para sa mga botanteng may kapansan para matanggap ang kanilang mga balota sa bahay at markahan nang nakapag-iisa at pribado bago ipadala pabalik sa mga opisyal ng halalan. Makipag-ugnayan sa opisyal ng mga halalan sa iyong county para sa higit pang impormasyon.

## Audio at Malaking Print na mga Gabay ng Impormasyon para sa Botante

Makukuha ang patnubay na ito sa audio at malalaking print na bersyon, pati na rin sa Ingles, Chinese, Hindi, Japanese, Khmer, Korean, Spanish, Tagalog, Thai, at Vietnamese nang walang bayad.

Para mag-order:

Pumunta sa *vote.ca.gov*

Tawagan ang walang na hotline para sa mga botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957

I-download ang bersyon na audio MP3 sa *voterguide.sos.ca.gov/ta/audio*

# Mga Opisina ng mga Halalan sa County

**County ng Alameda**
(800) 834-6454
*www.acvote.org*

**County ng Alpine**
(530) 694-2281
*www.alpinecountyca.gov/*

**County ng Amador**
(209) 223-6465
*www.amadorgov.org/government/elections*

**County ng Butte**
(530) 552-3400 o (800) 894-7761
(Sa loob ng ButteCounty)
*www.buttevotes.net*

**County ng Calaveras**
(209) 754-6376 o (833) 536-8683
*www.calaverasgov.us/*

**County ng Colusa**
(530) 458-0500 o (877) 458-0501
*www.countyofcolusa.org/elections*

**County ng Contra Costa**
(925) 335-7800
*www.contracostavote.gov/elections/*

**County ng Del Norte**
(707) 464-7216
*www.co.del-norte.ca.us/departments/Elections*

**County ng El Dorado**
(530) 621-7480
*www.edcgov.us/Government/Elections*

**County ng Fresno**
(559) 600-8683
*www.fresnovote.com*

**County ng Glenn**
(530) 934-6414
*www.countyofglenn.net/dept/elections*

**County ng Humboldt**
(707) 445-7481
*www.humboldtgov.org/Elections*

**County ng Imperial**
(442) 265-1060
*www.elections.imperialcounty.org*

**County ng Inyo**
(760) 878-0224
*elections.inyocounty.us/*

**County ng Kern**
(661) 868-3590 o (800) 452-8683
*www.kernvote.com*

**County ng Kings**
(559) 852-4401 or
(800) 289-9981 ext. 4401
*www.votekingscounty.com*

**County ng Lake**
(707) 263-2372 o (888) 235-6730
*www.lakecountyca.gov/818/Registrar-of-Voters*

**County ng Lassen**
(530) 251-8217
*www.lassencounty.org/dept/county-clerk-recorder/elections*

**County ng Los Angeles**
(800) 815-2666
*www.lavote.gov/home/voting-elections*

**County ng Madera**
(559) 675-7720 o (800) 435-0509
*www.votemadera.com*

**County ng Marin**
(415) 473-6456
*www.marinvotes.org*

**County ng Mariposa**
(209) 966-2007
*www.mariposacounty.org/87/Elections*

**County ng Mendocino**
(707) 234-6819
*www.mendocinocounty.gov/government/assessor-county-clerk-recorder-elections/elections*

**County ng Merced**
(209) 385-7541 o (800) 561-0619
*www.mercedelections.org*

**County ng Modoc**
(530) 233-6200
*www.co.modoc.ca.us/departments/elections/*

**County ng Mono**
(760) 932-5537 o (760) 932-5530
*monocounty.ca.gov/elections*

**County ng Monterey**
(831) 796-1499 o (866) 887-9274
*www.montereycountyelections.us/*

**County ng Napa**
(707) 253-4321
*www.countyofnapa.org/396/elections*

**County ng Nevada**
(530) 265-1298 o (888) 395-1298
*www.nevadacountyca.gov/1847/Elections-Voting*

**County ng Orange**
(714) 567-7600 o (888) 628-6837
*www.ocvote.com*

**County ng Placer**
(530) 886-5650 o (800) 824-8683
*www.placercountyelections.gov*

**County ng Plumas**
(530) 283-6256 or (844) 676-VOTE
*www.plumascounty.us/142/Elections-Division-Home*

**County ng Riverside**
(951) 486-7200
*www.voteinfo.net*

**County ng Sacramento**
(916) 875-6451 o (800) 762-8019
*www.elections.saccounty.gov*

**County ng San Benito**
(831) 636-4016
*www.sanbenitocounty-ca-cre.gov/elections*

**County ng San Bernardino**
(909) 387-8300
*www.sbcountyelections.com*

**County ng San Diego**
(858) 565-5800 o (800) 696-0136
*www.sdvote.com/*

**County ng San Francisco**
(415) 554-4375
*sfelections.sfgov.org*

**County ng San Joaquin**
(209) 468-2890 o (209) 468-8683
*www.sjcrov.org*

**County ng San Luis Obispo**
(800) 834-4636
*www.slovote.com*

**County ng San Mateo**
(650) 312-5222
*www.smcacre.org*

**County ng Santa Barbara**
(805) 568-2200 o (800) 722-8683
*www.sbcvote.com*

**County ng Santa Clara**
(408) 299-8683 o (866) 430-8683
*www.sccvote.org*

**County ng Santa Cruz**
(831) 454-2060 o (866) 282-5900
*www.votescount.com*

**County ng Shasta**
(530) 225-5730
*www.elections.shastacounty.gov*

**County ng Sierra**
(530) 289-3295
*www.sierracounty.ca.gov/214/Elections*

**County ng Siskiyou**
(530) 842-8084
*www.co.siskiyou.ca.us/elections*

**County ng Solano**
(707) 784-6675 o (888) 933-8683
*www.solanocounty.com/elections*

**County ng Sonoma**
(707) 565-6800 o (800) 750-8683
*vote.sonoma-county.org*

**County ng Stanislaus**
(209) 525-5200 o (833) 772-2260
*www.stanvote.com*

**County ng Sutter**
(530) 822-7122
*www.suttercounty.org/elections*

**County ng Tehama**
(530) 527-8190
*www.co.tehama.ca.us/government/departments/elections/*

**County ng Trinity**
(530) 623-1220
*www.trinitycounty.org/214/Elections*

**County ng Tulare**
(559) 839-2100
*tularecoelections.org/elections/*

**County ng Tuolumne**
(209) 533-5570
*www.co.tuolumne.ca.us/elections*

**County ng Ventura**
(805) 654-2664
*www.venturavote.org*

**County ng Yolo**
(530) 666-8133
*www.yoloelections.org*

**County ng Yuba**
(530) 749-7855
*www.yubaelections.org*

# Tingnan ang Iyong Katayuan bilang Botante Online

AKING STATUS NG PAGIGING BOTANTE

Bisitahin ang page ng Kalihim ng Estado na Aking Katayuan bilang Botante sa *voterstatus.sos.ca.gov* para masuri ang iyong katayuan bilang botante, mahanap ang iyong lugar ng botohan o sentro ng pagboto, at marami pang iba.

Para masuri ang iyong katayuan bilang botante, kakailanganin mong ilagay ang iyong pangalan, apelyido, petsa ng kapanganakan, at ang numero ng lisensya sa pagmamaneho mo sa California o numero ng card ng pagkakakilanlan sa California, o ang huling apat na digit ng numero ng iyong social security.

Bisitahin ang *voterstatus.sos.ca.gov* para sa mahahalagang detalye para sa botante.

## Paano kung nakalimutan kong magparehistro upang bumoto o i-update ang aking pagpaparehistro?

Walang problema! Kung hindi ka umabot sa huling araw ng pagpaparehistro ng botante noong Oktubre 20, 2025, pinapayagan ng batas ng California na magparehistro upang bumoto at bumoto hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan sa opisina ng halalan ng iyong county o sa alinmang lokasyon ng pagboto sa iyong county. Ang prosesong ito ay tinatawag na Kundisyonal na Pagpaparehistro ng Botante (CVR) at karaniwang tinutukoy bilang Kaparehong Araw na Pagpaparehistsro ng Botante.

# Probisyonal na Pagboto

## Wala ang pangalan sa listahan ng botante sa lugar ng botohan o sa sentro ng pagboto?

May karapatan ka pa ring bumoto gamit ang isang pansamantalang balota.

## Ano ang isang pansamantalang balota?

Ang pansamantalang balota ay isang regular na balota na inilagay sa isang espesyal na sobre bago ilagay sa kahon ng balota. Ang mga pansamantalang balota ay mga balotang ginagamit ng mga botante na naniniwala na sila ay nakarehistro upang bumoto kahit na ang kanilang pangalan ay wala sa opisyal na listahan ng pagpaparehistro ng botante sa lugar ng botohan o sentro ng pagboto.

Maaaring kailanganin ng botante na bumoto sa pansamantalang balota kung gusto niyang bumoto nang personal sa isang lugar ng botohan o sentro ng pagboto ngunit hindi natanggap ang kanyang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo o kung hindi niya dala ang kanyang balota sa pamamagitan ng koreo para ibigay bago bumoto nang personal.

# Ibibilang ba ang aking pansamantalang balota?

Oo, ang iyong pansamantalang balota ay ibibilang pagkatapos makumpirma ng mga opisyal ng halalan na ikaw ay nakarehistro upang bumoto sa county na iyon, at hindi ka pa bumoto sa halalan na iyon.

Ang pansamantalang balota ay maaaring gamitin sa anumang lugar ng botohan o sentro ng pagboto sa county kung saan ka nakarehistro para bumoto. Ang mga halalan lamang na ikaw ay karapat-dapat bumoto ang bibilangin.

## Paano mo masusuri ang katayuan ng iyong pansamantalang balota?

Ang sinumang bumoto sa pansamantalang balota ay may karapatang alamin mula sa opisyal ng halalan ng kanyang county kung ibinilang ang balota at, kung hindi, ang dahilan kung bakit hindi ito ibinilang.

Maaari mong tingnan ang katayuan ng iyong pansamantalang balota sa *voterstatus.sos.ca.gov*.

# Paano Ayusin ang Nawawala o Hindi Naaayon na Pirma sa Iyong Sobre ng Pagbalik ng Balota para sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

## Mga Posibleng Isyu sa mga Sobre ng Pagbalik ng Balota para sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo o Pansamantalang Balota

- **Nawawalang Pirma:** Nakalimutan mong pirmahan ang iyong sobre ng pagbalik ng balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.
- **Hindi Naaayon ang Pirma:** Ang iyong pirma ay hindi tumutugma sa nakatala sa opisyal ng halalan.

## Ano ang Susunod na Mangyayari?

- **Abiso:** Kung may isyu sa iyong balota, aabisuhan ka ng opisina ng halalan ng iyong county sa pamamagitan ng koreo, telepono, email, o mula sa kasangkapang ***Where's My Ballot?*** ng Kalihim ng Estado.
- **Paano Ito Ayusin:** Maaari kang kumuha ng porma sa website ng opisyal ng halalan ng iyong county upang ibigay ang iyong pirma at kumpirmahin na ikaw ang bumoto gamit ang iyong balota.
  - Suriin ang iyong koreo o email para sa mga tagubilin mula sa opisina ng halalan ng iyong county.
  - Sagutan ang porma at sundin ang mga tagubilin kung paano ibabalik ang porma
  - Ang iyong mga opsyon upang ibalik ang porma ay maaaring magkaiba depende sa county.
  - Ang hindi pagsunod sa mga tagubilin ay maaaring magresulta sa hindi pagbilang ng iyong balota

## Manatiling May Alam sa *Where's My Ballot?*

- **Subaybayan ang Iyong Balota para sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo:** Tumanggap ng awtomatikong update sa katayuan ng iyong balota sa pamamagitan ng pag-sign up sa ***Where's My Ballot?***
- Tumanggap ng mga abiso sa pamamagitan ng **mensahe, email, o telepono** tungkol sa:
  - Kailan naipadala ang iyong balota
  - Kailan ito natanggap
  - Kung ito ay naibilang
  - Kung may mga isyung kailangang ayusin
- **Mag-sign up ngayon sa:** ***wheresmyballot.sos.ca.gov***

## Mahahalagang Huling Araw para sa Nobyembre 4, 2025, Pambuong-Estadong Espesyal na Halalan:

- **Mga balota sa koreo:** Ibalik ang iyong balota sa koreo sa lalong madaling panahon pagkatapos mo itong matanggap. Dapat may postmark na hindi lalampas sa **Nobyembre 4, 2025**, at matanggap nang hindi lalampas sa **Nobyembre 12, 2025**.
- **Huling Araw:** Ang huling araw upang ayusin ang iyong nawawala o hindi naaayon na pirma ay 5:00 p.m. sa Nobyembre 30, 2025, dalawang araw bago sertipikahin ng iyong county ang halalan.

**Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang *vote.ca.gov* o tumawag sa aming Hotline ng Botante sa (800) 339-2957.**

# MGA PETSANG DAPAT TANDAAN!

## Huwag nang Magpaantala, Bumoto na Ngayon!

**Ang maagang panahon ng pagboto sa pamamagitan ng koreo gamit ang balota ay mula Oktubre 6 hanggang Nobyembre 4, 2025.**

**Bukas ang mga botohan mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Nobyembre 4, 2025, Araw ng Halalan!**

### OKTUBRE

| S | M | T | W | T | F | S |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | 1 | 2 | 3 | 4 |
| 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 |
| 12 | 13 | 14 | 15 | 16 | 17 | 18 |
| 19 | 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 |
| 26 | 27 | 28 | 29 | 30 | 31 | |

**Oktubre 6**
Ang mga opisyal ng mga halalan sa county ay magsisimulang magpadala ng mga balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa o bago ang petsang ito.

**Oktubre 6 — Nobyembre 4**
Panahon ng pagboto upang ibalik ang balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.

**Oktubre 7**
Ang mga ligtas na kahong hulugan para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo ay magbubukas.

**Oktubre 20**
Huling araw para magparehistro upang bumoto. Ang pagpaparehistro ng botante sa mismong araw ay available sa opisina ng mga halalan sa county o sa lugar ng pagboto pagkatapos ng huling araw ng pagpaparehistro upang bumoto, hanggang sa at kabilang ang Araw ng Halalan.

**Oktubre 25**
Ang mga sentro ng pagboto sa unang araw ay magbubukas sa mga county ng Batas sa Pagpipilian ng Botante para sa maagang pagboto sa personal.

### NOBYEMBRE

| S | M | T | W | T | F | S |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | 1 |
| 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 |
| 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 |
| 16 | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 |
| 23 | 24 | 25 | 26 | 27 | 28 | 29 |
| 30 | | | | | | |

**Martes, Nobyembre 4, 2025**

Ang huling araw ng pagboto nang personal o pagbabalik ng balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo bago lumampas ng 8:00 p.m.

Ang mga lugar ng botohan ay bukas mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m.

Ibalik ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo pagkatanggap mo nito.Ang mga balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo ay dapat may postmark na hindi lalampas sa Nobyembre 4.

**California Secretary of State**
**Elections Division**
1500 11th Street
Sacramento, CA 95814

NONPROFIT
U.S. POSTAGE
PAID
CALIFORNIA
SECRETARY
OF STATE

OFFICIAL ELECTION MAIL
Authorized by the U.S. Postal Service ®

NOBYEMBRE 4, 2025

# PAMBUONG-ESTADONG ESPESYAL NA HALALAN

## MGA PETSANG DAPAT TANDAAN

**Oktubre 6**
Magsisimula ang mga opisyal ng halalan ng county sa pagpapadala ng mga balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa o bago ang petsang ito.

**Oktubre 6 – Nobyembre 4**
Panahon ng pagboto upang ibalik ang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.

**Oktubre 7**
Ang mga ligtas na kahong hulugan para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo ay magbubukas.

**Oktubre 20**
Huling araw para magparehistro upang bumoto. Ang pagpaparehistro ng botante sa mismong araw ay available sa opisina ng mga halalan sa county o sa lugar ng pagboto pagkatapos ng huling araw ng pagpaparehistro upang bumoto, hanggang sa at kabilang ang Araw ng Halalan.

**Oktubre 25**
Unang araw na magbubukas ang mga sentro ng pagboto sa mga county ng Batas sa Pagpipilian ng Botante para sa maagang pagboto nang personal.

**Martes, Nobyembre 4, 2025**
Huling araw upang bumoto nang personal o ibalik ang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo bago lumampas ng 8:00 p.m. Bukas ang mga botohan mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. Ibalik ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa lalong madaling panahon matapos mo itong matanggap. Ang mga balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo ay dapat may postmark na hindi lalampas sa Nobyembre 4.

**Para sa mga karagdagang kopya ng Patnubay na Impormasyon para sa Botante sa alinman sa mga sumusunod na wika, tumawag sa:**

**English:** (800) 345-VOTE (8683)

**Español/Spanish:** (800) 232-VOTA (8682)

**中文/Chinese:** (800) 339-2857

**हिन्दी/Hindi:** (888) 345-2692

**日本語/Japanese:** (800) 339-2865

**ខ្មែរ/Khmer:** (888) 345-4917

**한국어/Korean:** (866) 575-1558

**Tagalog:** (800) 339-2957

**ภาษาไทย/Thai:** (855) 345-3933

**Việt ngữ/Vietnamese:** (800) 339-8163

**TTY/TDD:** 711

Magagamit sa Mobile
I-SCAN AKO

**Rehistrado ka ba para bumoto? Tingnan dito: *voterstatus.sos.ca.gov*.**

★ Sa layuning mabawasan ang mga gastos sa halalan, inaawtorisahan ng Lehislatura ng Estado ang Estado at mga county na magpadala lamang ng isang gabay sa bawat bumobotong sambahayan. Maari kang humiling ng mga karagdagang kopya sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa opisyal ng mga halalan sa iyong county o sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 339-2957. ★



OSP 25 160202